

# Balitang Bayan

Ang Bayan

Hulyo 2022

## Nilalaman

‘NDFP always open to peace talks whoever is president’..4	
Inagurasyon ng ilehitimong pangulo, sinalubong ng protesta.....	8
Revolutionary movement will fight and outlast Marcos Jr, CPP says.....	10
NDFP, laging bukas na makipag-usapang pangkapayapaan pero.....	12
Renegosasyon at di pagbabasura ang veto ni Marcos Jr sa paliparan sa Bulacan.....	14
Pagbuwag, at di pagpapalawak, ang nararapat sa NATO	16
Bigo at patuloy na mabibigo ang AFP na durugin ang rebolusyon sa Ilocos.....	18
Protestang bayan.....	20
Totoo at tataas pa ang 6.1% implasyon—mga ekonomista .....	21
Krisis sa disempleyo, patuloy na lumalala.....	22

Samahan ng kontraktwal na gwardya sa UP Diliman, itinatag.....	24
Huwag nang ipagpaliban ang 100% pagbabalik ng mga estudyante sa mga eskwelahan.....	25
Mamamahayag, pinarangalan ng NDF-Negros.....	27
Presidente ng Sri Lanka, napalayas ng dambuhalang protesta.....	28
Sonang pang-ekonomya, itatayo sa militarisadong mga erya sa Davao City.....	30
Ika-6 taong anibersaryo ng ruling kaugnay sa West Philippine Sea, ginunita sa protesta.....	32
Palyadong mga airstrike sa Cagayan, perwisyo sa mga sibilyan.....	34
Shinzo Abe, rebisyunista ng kasaysayan ng imperyalistang Japan.....	35
₱5-6 rolbak sa presyo ng petrolyo, katiting kumpara sa ₱30-42 netong pagtaas mula Enero.....	37
4 na aktibista at organisador, dinukot ng militar.....	39
Walang engkwentrong naganap sa Palimbang noong Linggo—BHB-Sultan Kudarat.....	41
Pamilyang Mangyan sa Mindoro, niratrat ng 4th IB at SAF, bata patay.....	42
Pananalasa ng open-pit mining sa Davao Oriental, kinundena ng NDF-SMR.....	43
3 pangakong proyektong riles, nauwi sa panloloko.....	46

9-puntong adyenda, binuo sa People’s Summit.....	47
Maliliit na tindahan sa Carbon Public Market, dinemolis	48
Mga empleyado ng gubyrerno, tutol sa “rightsizing” ni Marcos sa burukrasya.....	50
Pang-ekonomyang panggigipit ng US kontra Russia, nagpapalala sa pandaigdigang krisis sa pagkain.....	52
Pagpaslang ng militar sa batang Mangyan-Buhid, kinundena ng NDFP.....	56
Mga biktima ng baha sa Quezon City, naigiit ang ayuda. .	57
Spyware na Pegasus, natagpuan sa mga selpon ng mga aktibista sa Thailand.....	59
Gamot laban sa Alzheimer, pinaunlad sa Cuba.....	61
Kampanyang ML50, inilunsad.....	62
Mga grupong pangkalikasan, residente, tutol sa planong pambobomba ng AFP sa Northern Negros.....	64
NDFP Negotiating Panel interim chair Julieta de Lima: “No basis yet for resuming GRP-NDFP peace negotiations.....	65
Libu-libong mamamayan nagprotesta sa araw ng unang SONA ni Marcos Jr.....	73
CPP calls Marcos 1st SONA a ‘fairy tale’ .....	75
CPP calls NPA units in Luzon to assess post-earthquake situation in communities.....	76
Mag-ina at isa pang sibilyan, minasaker ng 62nd IB sa Negros Oriental.....	77

Bilyun-bilyong halaga ng bakunang kontra-Covid, nasayang.....	79
Mga pulis sa Tarlac, kinasuhan ng Tinang 83.....	80
Tatlong bata, pinaslang ng AFP nitong Hulyo.....	81
94 pamilya sa Masbate, pinalayas ng 2nd IB sa kanilang lupa.....	83
Food Panda Philippines, pinagbabayad ng ₱2-milyon sa sinisanteng mga rider.....	84
Manggagawa sa poso negro, namatay sa pagkalunod.....	84

## **‘NDFP always open to peace talks whoever is president’**

Hulyo 1, 2022

“[The] NDFP is always open to peace negotiations with the GRP whoever is president. It was Duterte who terminated the peace negotiations in 2017...but if the incoming Marcos administration is willing to talk, why not?” said Communist Party of the Philippines (CPP) Founding Chairman Prof. Jose Ma. Sison when asked about the prospects of resuming peace talks during the launch of his latest book “On the GRP-NDFP Peace Negotiations” last June 28th in an online event organized by the NDFP International Information Office and the International Network for Philippine Studies (INPS).

The book “On the GRP-NDFP Peace Negotiations” is the ninth installment in the Sison Reader Series – a collection of publications compiling the best of Sison’s writings under specific themes in various periods. The book, Sison explained, chronicles his articles, letters and statements on the GRP-NDFP peace negotiations since the talks in 1986

following the downfall of the Marcos dictatorship and up to the most recent presidential elections where Ferdinand “Bongbong” Marcos Jr. was proclaimed winner despite massive electoral fraud.

In his remarks, Sison criticized Marcos Jr. as “lacking any moral authority for having been falsely elected to the presidency through the non-transparent and fraudulent automated election system manipulated by the tyrant Duterte and his cabal in the Comelec.”

Sison also added that “Marcos junior can dream about having a second chance of his dynasty to destroy the revolutionary movement but he ought to remember that this movement is now much bigger and stronger than when Marcos senior failed to destroy it.”

Prospects for the resumption of peace negotiations

“Right now, there are no indications that Marcos would like peace talks . Resuming peace negotiations is quite easy...by simply reaffirming the agreements that were previously agreed upon and signed by the two parties in the negotiations,” Sison added.

While Sison , who is NDFP peace panel chief political consultant, stressed the NDFP’s policy of openness to peace talks, he however noted the impossibility of resuming the negotiations amid the GRP’s current policy of all-out war. “There is nothing that the NDFP can do to resume the peace negotiations if the GRP insists on carrying out an all-out war policy,” Sison said.

“The Marcos fascist dictatorship never engaged the NDFP in peace negotiations and never succeeded in destroying the revolutionary movement. Instead, this movement of the people succeeded in expanding nationwide...ultimately

causing the downfall of the fascist dictatorship,” Sison cautioned the incoming administration.

“Not a single post-Marcos regime ever spent a total of more than one year of attention to peace negotiations...Each of the post-Marcos regimes from Aquino to Duterte had the uniform objective of using the peace negotiations only for a few months and not for more than a year, as a means of lip service to the cause of peace, carrying out military surveillance, preserving the exploitative and oppressive ruling system and trying to maneuver the NDFP into a position of capitulation,” he added.

Peace negotiations as a ‘consistent strategy for peace, not a mere tactical ploy’

First Quarter Storm activist, and former desk editor for GMA News Online Pio Verzola in his book review noted how Sison’s writings attest the NDFP’s ‘diplomatic patience and nuanced optimism’ in its approach to the constantly changing socio-economic and political landscape of peace negotiations with the GRP since 1986. Verzola emphasized how the NDFP negotiating panel expertly navigated peace talks across successive post-Marcos regimes throughout the years maintaining its principled positions consistent with the objectives pursued by the revolutionary people’s movement in the Philippines.

In his review, Verzola explored the question on why revolutionary forces seek peace while at the same time pursuing people’s war. To answer the fundamental question he himself posed, Verzola quoted Sison’s arguments from the book saying that ‘a just and lasting peace is possible only if the Filipino people’s demand for national liberation and democracy is satisfied...it goes without saying that the national democratic revolution is at once the struggle for a

just and lasting peace...be it through people's war and/or peace negotiations.'

According to Verzola, the pursuit of peace through formal negotiations is aligned with what the people's war aims to achieve and that "the NDF carries the same strategic line in waging the national democratic revolution and in pursuing just and lasting peace. It pursues a consistent strategy for the peace process and does not view the process as a mere tactical ploy."

### Status of belligerency as a basis for engagement

Atty. Lily Cruz, a lawyer who has provided legal advice throughout the GRP-NDFP peace talks also reviewed Sison's latest book reflecting on legal concerns of the negotiations. Cruz reminded readers that the "recognition and rights of belligerency" is a "basis for engagement between the NDFP and the GRP."

In international law, belligerency is defined as a condition of being engaged in war or conflict. Under the 1949 Geneva Convention Relative to the Treatment of Prisoners of War, 'lawful belligerents' also include 'organized resistance groups' which the NDFP represents in the case of peace negotiations with the GRP.

"When the status of belligerency is invoked, it triggers international law obligations. In consonance therewith, the NDFP precisely signed on and adheres to international humanitarian law instruments – laws of wars – in its conduct, even without reciprocity by the GRP," Cruz added.

Cruz also stressed the importance of refusing to concede to the GRP's lesser treatment of the armed conflict "as either rebellion, insurgency, or even terrorism." She notes "Because the situation is ongoing and the process evolving,

there are very few experts and scholars who have dared come forward with conclusive studies and predictions on the Philippine armed conflict, lest they be proven wrong in the long run.”

“As such, it falls upon Prof. Sison to set the tone and substance in the conversation. His evaluation of prospects of the GRP-NDFP peace negotiations at different points in the timeline are always canon and relevant,” Cruz ended. (NDFP International Information Office)

## **Inagurasyon ng ilehitimong pangulo, sinalubong ng protesta**

Hulyo 1, 2022

Para sa mga progresibo, walang dahilan para magdiwang at magbunyi sa araw ng inagurasyon ni Ferdinand Marcos Jr noong Hunyo 30. Nagprotesta ang mga progresibong grupo sa Plaza Miranda sa Quiapo, Maynila kung saan inihayag nila ang kanilang pagtatakwil sa rehimeng Marcos II, laban sa pambabaluktot ng kasaysayan at para sa hustisya sa nakaparaming biktima ng batas militar ng kanyang ama. Dala rin nila ang mga isyu ng mamamayan tulad ng dagdag na sahod, at pagbaba ng presyo ng bilihan at langis.

Ani Satur Ocampo, isa sa mga beterano sa pakikibaka laban sa batas militar ni Marcos Sr., “pangunahing may pananagutan dito (sa panunumbalik sa poder ng mga Marcos) ay si President Duterte na siyang naghawan ng landas...Lahat ng aksyon natin para pigilan ang kanyang (Marcos Jr) pag-upo ay binalewala ng COMELEC at ng Supreme Court.”

Ilehitimo rin para sa grupong CARMMA (Campaign Against The Return of the Marcoses and Martial Law) ang



inagurasyon kay Marcos Jr. Anila, nanalo ang pamilyang Marcos sa pamamagitan ng pandaraya at pambabaluktot ng kasaysayan.

Kinundena ng mga nagprotesta ang pagpapabango ni Marcos Jr. sa mga kasalanan at krimen ng kanyang pamilya, anila “tila iniwasan ni Marcos Jr. na mabanggit ang pasistang diktadura ni Marcos Sr. kung saan ito pinakanakilala.”

Ayon naman kay Renato Reyes Jr., secretary general ng Bayan, ang inagurasyon ni Marcos Jr ay kulminasyon ng tatlong dekadang pagpupumilit ng mga Marcos para makabalik sa poder. Pero hindi nila mababago ang makasaysayang katotohanan ng dinambong na yaman ng kanilang pamilya, laganap ang paglabag sa karapatang-tao at tumindi ang kahirapan nang ipatupad ang batas militar.

Pinuna rin ng mga aktibista ang kawalan ng plano ni Marcos Jr para ibaba ang presyo ng langis at bilihin, lumikha ng trabaho at itaas ang sahod at muling buhayin ang agrikultura.

Ani Tina Palabay ng Karapatan, simula pa lamang ito ng matagalang pakikibaka ng mamamayang Pilipino.

Sa Bantayog ng Bayani, sa Quezon City nagkaroon din ng pagtitipon ang mga kaanak at mga aktibista sa panahon ng batas militar. Dito nanumpa sila na ipagpapatuloy ang paglaban sa kasinungalingan ng mga Marcos at para sa kapakanan ng bayan.

Samantala, tatlong kabataan naman ang iligal na inaresto matapos magladlad ng tarpolin sa isang tulay malapit sa upisina ng Commission on Human Rights sa Quezon City. Agad din silang pinakawalan ng mga pulis.

Sa Bicol, pinangunahan ng Anakbayan-Naga ang martsa mula sa Panganiban Drive Naga City tungong Plaza Oregon upang itakwil ang inagurasyon ni Marcos Jr. Anila, ilehitimo ang kanyang pagkapanalo dahil nakamit ito sa pamamagitan ng pandaraya at pambabastos sa demokrasya ng bansa. Dumalo sa programa ang mga aktibista mula sa iba't ibang distrito sa Camarines Sur.

Nagkaroon din ng programa sa harap ng kapitolyo ng Cebu kung saan inihayag ng iba't ibang organisasyon ang kanilang pagkasuklam sa rehimeng Marcos II. Anila, dapat na itakwil ang ilehitimong rehimeng Marcos-Duterte.

Sa ibayong dagat, pinangunahan ng Never Forget Contingent ang daan-daang nagprotesta sa Times Square, New York City. Sigaw ng kanilang hanay, "Itakwil ang rehimeng Marcos-Duterte! Ipagpatuloy ang pakikibaka para sa tunay na demokrasya!"

Nagtipon naman ang 150 migranteng Pilipino sa California para magpahayag din ng kanilang pagtakwil sa bagong rehimen.

## **Revolutionary movement will fight and outlast Marcos Jr, CPP says**

Hulyo 1, 2022

The Communist Party of the Philippines (CPP) yesterday blasted Ferdinand Marcos Jr's inauguration and ascension as chief of the reactionary government and declared that the New People's Army (NPA) and the entire revolutionary movement are ready to face his illegitimate regime and will certainly outlast him.

After having frustrated Rodrido Duterte and the Armed Forces of the Philippines' (AFP) declared aim of crushing the Party and the armed revolution, the CPP is now ready to face the relentless attacks and intensified fascist offensives of the AFP under the Marcos II regime, it said in a statement issued yesterday.

CPP Chief Information Officer Marco Valbuena said that the Party has tasked all commands and units of the NPA to assess and take stock of their strength and the enemy's situation in order to fight the illegitimate regime head on.

"They must strive to maintain constant initiative by ensuring a sufficiently wide area of operation for shifting, concentration and dispersal, high level of military discipline, quick guerrilla movements to avoid and evade enemy encirclement, maintaining a balance between expansion and consolidation and between building horizontal and vertical forces," CPP said.

The CPP pointed out that the NPA must strive to gain more points of initiative for mounting timely and tactical offensives with one hundred percent certain victory.

Based on published news reports and statements, there have been more than 80 armed incidents involving NPA units and military, police, and paramilitary forces and agents since the start of the year. Majority of these were on the initiative of NPA units. At least 61 enemy forces and agents were killed in these incidents, while the NPA suffered 18 casualties.

The CPP said that the forces of the armed revolution stand on a moral highground, especially under the illegitimate regime of Marcos Jr and heightening restrictions and continuing attacks against people's democratic rights. "The brutal fascist attacks of Marcos' military and police forces

against the peasant masses are rousing them to fight back and wage armed resistance,” it added.

“With full determination, the Party and the NPA are certain to accumulate even greater strength in the coming years under the Marcos II regime in order to defend the Filipino people and advance their national democratic cause,” the CPP concluded. (CPP Information Bureau)

## **NDFP, laging bukas na makipag-usapang pangkapayapaan pero....**

Hulyo 3, 2022

Nakakiling ang rehimeng Marcos II sa pagpapatuloy ng patakaran ni Duterte ng pagpigil sa usapang pangkapayapaan, gamitin ang Anti-Terror Law para pabweluhin ang terorismo sa estado at red-tagging, maramihang pang-aaresto, tortyur at maramihang pagpatay sa hungkag na pagtatangkang wasakin ang demokratikong rebolusyong bayan. Ito ang pahayag ni Jose Maria Sison, Chief Political Consultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) noong araw ng panunumpa ni Ferdinand Marcos Jr.

Walang indikasyon na gugustuhin ni Marcos na makipag-usap, aniya. Hindi rin ito madaling bumalik sa gitna ng kasalukuyang patakaran ng GRP na all-out war. “Walang magagawa ang NDFP para ibalik ang usapan kung magmamatigas ang GRP sa all-out war policy nito,” ayon kay Sison.

Dagdag niya, ni minsan ay hindi nakipag-usapang pangkapayapaan ang pasistang diktadurang Marcos I at hindi rin nito kailanman nawasak ang rebolusyonaryong kilusan. “Sa halip, nagawa ng kilusan ng mamamayan na

saklawin ang buong bansa...na sa kahuli-hulihan ang naging dahilan sa pagbagsak ng pasistang diktadura.”

Ang pagpasok sa usapang pangkapayaan ng lahat ng mga naupo sa reaksyunaryong estado — mula sa panahon ni Cory Aquino hanggang sa panahon ni Rodrigo Duterte — ay pawang para palabasin lamang na sila ay maka-kapayapaan at upang isagawa ang malawakang sarbeylans sa hanay ng mga rebolusyonaryo at panatilihin ang mapagsamantala at mapang-aping naghaharing sistema. Ginagawa rin nila ito para tangkaing ilagay sa pusisyon ng kapitulasyon ang NDFP, ani Professor Sison.

Tinawag niyang “wala sa katayuan” ang nakababatang Marcos matapos ito “mahalal” bilang presidente sa pamamagitan ng minanipulang eleksyon sa tulong ng tiranong si Duterte at kanyang sindikato sa Comelec.

“Maaari siyang managinip na magkakaroon ng pangalawang pagkakataon ang kanilang pamilya sa pagwasak sa rebolusyonaryong kilusan,” ani Sison. “Pero dapat niyang alalahanin na ang kilusang ito ay lumaki at lumakas nang hindi ito nawasak ni Marcos Sr.”

Gayunpaman, laging bukas ang National Democratic Front of the Philippines na makipag-usapang pangkapayapaan, sa Gubyerno ng Pilipinas, sinuman ang presidente nito.

“Kung handa ang administrasyon na makipag-usap, bakit hindi?” aniya. “Madali lang naman buhayin ang usapan,” ani Sison. Kailangan lamang pagtibayin ng GRP o ni Marcos ang nauna nang mga napagkasunduan na dati nang napagkaisahan at pinirmahan ng dalawang partido.

## Renegosasyon at di pagbabasura ang veto ni Marcos Jr sa paliparan sa Bulacan

Hulyo 4, 2022

Tulad ng mga naunang mga presidente, iniaatras ngayon ni Ferdinand Marcos Jr ang mga kontrata at kasunduang pinasok ng nagdaang rehimen para sa sariling pakinabang. Ibinalita kahapon na “ibinasura” niya ang panukalang Bulacan Airport City Special Economic Zone (BACSEZ) na magpapahintulot sa pagtatayo ng internasyunal na paliparan sa prubinsya. Ang pag-veto ni Marcos sa proyekto ay sinalubong ng adelantado at wala sa lugar na papuri ng ilang personalidad.

“Ang pag-veto ni Marcos sa proyekto ni Ramon Ang ay simpleng negosasyon para sa kikbak sa pagitan ng burukrata-kapitalistang si Marcos Jr at burges-kumprador na si Ang at ng San Miguel Corporation,” ayon kay Marco Valbuena, upisyal sa impormasyon ng Partido Komunista ng Pilipinas. “Ang pagkakansela at renegosasyon ng mga kontrata ay ordinaryo na sa papasok na reaksyuaryong paksyon para makakuha ng mas malaking parte sa kita ng mga kapitalista.”

Sa aktwal, hindi tinutulan ni Marcos ang buong panukala, kundi ang probisyon lamang na nagbibigay ng mga insentiba sa pagbubuwis sa mga kumpanyang tatangkilik sa eco-zone. Kabilang sa sinasabing nakakopo ng “dambuhalang mga insentiba” ang Bulacan International Airport and Aero City ng San Miguel Corporation. Tinatayang umaabot sa ₱150 bilyon ang mawawalang rebenyu sa estado dulot ng mga insentibang ito.

Sa aktwal, halos sigurado nang matutuloy ang naturang proyekto sa pagtatalaga ni Marcos Jr kay Manuel Bonoan,

chief executive officer ng San Miguel Corporation Tollways bilang kalihim ng Department of Public Works and Highways, ang ahensyang namamahala sa malalaking kontrata sa imprastruktura.

Ang maagang panghuhuthot ng kikbak, kasabay ng pag-uunahan sa pakinabang at rekurso ng estado, ay likas na katangian ng mga burukrata-kapitalista.

Ang maniobrang ito ni Marcos ay nakikitang pagpabor din sa kaalyado niyang si Gloria Arroyo, na mayor na nakikinabang sa operasyon ng Clark International Airport sa Pampanga at sa pamilyang Remulla na nagbabalak magtayo ng sariling paliparan sa Sanglely Point sa Cavite, na kapwa maaapektuhan ng pagtatayo ng BACSEZ. Idinadahilan ni Marcos na walang “economic sense” (o hindi mabuti sa ekonomya) at bawal diumano sa batas na itinatayo ang proyekto ni Ang na malapit sa isa pang “economic zone” sa Clark, Pampanga.

Sa likod ng lahat ng ito, tiyak ang pagpapatuloy ng BACSEZ na muling ipinetisyon ng mismong kapatid ni Ferdinand na si Imee Marcos sa Senado. Sasakupin nito ang 2,500 ektaryang lupang baybayin kung saan nabubuhay ang 700 pamilyang mangingisda. Kahit noong wala pa itong pormal na pahintulot, sinimulan na ng SMC ang iligal na pagdemolis ng mga kabahayan at pagpapalayas sa mga naninirahan sa Barangay Taliptip, Bulakan, Bulacan gamit ang armadong pwersa ng estado.

Isinasapanganib din ng buong proyekto ang buong ekosistema sa lugar, at itinataas ang risgo ng palagiang pagbaha at mapangwasak na mga bagyo.

## Pagbuwag, at di pagpapalawak, ang nararapat sa NATO

Hulyo 7, 2022

Mahigit 5,000 raliyista ang nagtipon sa Madrid, Spain para salubungin ang mga lider ng mga bansang kasapi ng NATO (North Atlantic Treaty Organization) na nagpulong noong Hunyo 28 hanggang Hunyo 30 sa syudad. Lumahok dito ang mga aktibista mula sa International League of People's Struggles, kasama ang coordinating committee ng kampanyang Fight Against Imperialist Wars. Panawagan nila ang pagbubuwag ng NATO at hindi ang pagpapalawak nito.

Sa pahayag na inilabas nito noong Hulyo 2, kinundena ng liga ang pagpupulong.

“Di katulad sa karaniwang pagpupulong sa nakaraan, ang pagpupulong ngayon ng NATO ay kinatampukan ng walang kapantay na pagtindi ng militarisasyon ng buong Europe at pagpapalawak ng membership nito partikular sa silangan ng Russia at sa pagpapalawak ng impluwensya sa Indo-Pacific bilang pagharap sa banta ng China,” anito.

Tampok sa pagpupulong ang pagpapamyembro ng Finland at Sweden sa alyansa. Ang Finland at Sweden ay mga kanugnog na bansa sa hilaga ng Russia. Mayroong komun na hangganan ang Finland at Russia na sumasaklaw ng lampas 800 milya.

Minadali ito ng US para mapakinabangan ang estratehikong lokasyon ng dalawang bansa laban sa Russia. Noong Hulyo 5, pumirma na ang 30 bansang myembro ng NATO sa tinatawag na “accession protocol” na magpapahintulot sa dalawang bansa na maging myembro ng alyansa. Para maging ganap na myembro, kailangan na lamang iratipika



ang protokol ng bawat parlamento ng mga bansang kasapi nito. Tinugunan na ito ng parlamento ng Canada sa araw ding iyon.

Napadulas ang pagpasok ng dalawang bansa sa alyansa matapos i-atras ng Turkey ang prekundisyon nitong i-extradite muna ng Finland at Sweden ang 73 aktibistang Turkish na inaakusahan nitong mga “terorista.” Ang mga aktibistang ito ay mga kasapi o pinagsususpetsahang mga kasapi ng partido komunista o ng kilusang demokratiko na kumalaban sa pasistang rehimen ni Recep Erdogan noong 2016.

Malaking pangamba rin ang presensya ng South Korea, Japan, New Zealand at Australia sa pagpupulong, ayon sa ILPS. Ipinakikita nito ang pagsaklaw ng impluwensya ng NATO lagpas sa North Atlantic habang pinalalakas ng US ang makinarya sa digma nito sa Indo-Pacific para ipagtanggol ang humihinang pusisyon nito, ayon sa grupo. Pagtutol sa loob ng Finland at Sweden

Mariing tinutulan rin ng mamamayan sa loob ng Sweden at Finland ang hakbang ng dalawang bansa. Anang ilang grupo, taliwas ito sa prinsipyo ng nyutralidad na siglo-siglo nang paninindigan ng kanilang mga gubyrno. Partikular sa Finland, labag ito sa tratado ng pakikipagkaibigan at nyutralidad na pinirmahan nito kasama ang Russia, una noong 1948, at muli noong 1992.

Higit dito, isinasapanganib ng pagpapamyembro sa NATO ang seguridad ng mamamayan ng Finland at Denmark.

“Hindi nito gagawing mas ligtas at tiyak ang Sweden at ang mundo,” ayon kay Agnes Hellstrom ng Swedish Peace and Arbitration Society sa panayam sa kanya ng Democracy Now noong Abril. “Ang mangyayari ay magiging bahagi kami ng

doktrinang nukleyar, at mawawala ang posibilidad na maging boses kami para sa demokrasya, pag-iwas at pagbabaklas ng armas.”

Pero bago pa man naghapag ng pagpapamyembro ang Sweden, bahagi na ito ng panunulsol ng NATO laban sa Russia. Noon lamang Hunyo, ginanap dito ang isa sa pinakamalaking “pagsasanay militar” na nilahukan ng 45 barko, 75 eroplanong pandigma at 7,000 tropa. Ang Sweden din ay isa sa pinakamalaking arms exporter “per capita” sa mundo. Nagsusuplay ito ng armas sa Saudi Arabia para sa brutal na gerang agresyon nito sa Yemen. Lubos na makikinabang ang industriya ng armas nito sa pagpasok ng bansa sa NATO.

Sa kaso ng Finland, bibitawan nito ang natatanging papel bilang nyutral at independyenteng bansa sa Europe para maging “maliit na bahagi” ng NATO, ayon sa mga kritiko nito.

Sa isang pahayag, nagbabala si Pres. Vladimir Putin ng Russia laban sa hakbang. “Marapat nilang malaman na wala silang (Finland at Sweden) kinaharap na banta noon, pero ngayon, kung magkakaroon ng mga tropa at imprastrukturang militar sa kanilang mga teritoryo, gagawa kami ng katumbas na mga hakbang na lilikha ng katulad sa mga banta na nilikha nila kontra sa amin.”

## **Bigo at patuloy na mabibigo ang AFP na durugin ang rebolusyon sa Ilocos**

Hulyo 8, 2022

Bigo at patuloy na mabibigo ang Armed Forces of the Philippines (AFP) na durugin ang rebolusyonaryong kilusan sa mga prubinsya ng Ilocos—ang “Norte” na inaangking “balwarte” ng pamilyang Marcos.

Malaking pwersa ng AFP at PNP ang patuloy na ibinubuhos sa mga prubinsya ng Ilocos, laluna sa mga komunidad na apektado at tumututol sa mga mapanirang proyektong minahan, dam at windmill, at ang mga komunidad na aktibong lumalaban sa pagsasamantala ng mga kapitalistang kumpanya, panginoong maylupa at komersyante-usurero.

“Dito sa Ilocos, pinakawalan ng AFP ang tatlong batalyon ng 702nd Infantry Brigade ng Phil Army (81st IBPA, 69th at 24th 1B), ang mga espesyal na yunit pangkombat na 71 at 72nd DRC,” ayon kay Rosa Guidon, tagapagsalita ng National Democratic Front-Ilocos sa isang pahayag noong Hulyo 7. Dagdag pa rito ang pangkombat na yunit ng pulis. Pero sa harap nito, nabigo sila na durugin ang Bagong Hukbong Bayan sa rehiyon, aniya.

Nilabanan ng BHB dito ang sostenido at malalaking operasyong militar para depensahan ang mamamayan. Pinatotohanan ni Ka Rosa na nagtamo ng malalaking kaswalit ang BHB noong 2020. “Pero hindi ito nadurog,” aniya. Bagkus, “patuloy itong nagpapalakas, nagpapalawak at nagtatamasa ng malawak na suporta ng masa.”

Noong 2020, idineklara ng NTF-Elcac na nagapi na ang BHB sa rehiyon. Pero ang totoo, wala itong alam sa tunay na kalagayan ng rebolusyonaryong kilusan. Bigo itong “imonitor at hadlangan ang patuloy na pagpapalawak ng mga yunit ng BHB sa rehiyon sa kabila ng tuloy-tuloy na malalaking mga operasyon militar mula pa umupo si Duterte noong 2016,” ani Ka Rosa.

Para panindigan ang kanilang hungkag na deklarasyon, binalingan ng NTF-Elcac ang masa at kanilang mga lehitimong organisasyon. Todo-todo ang kampanya sa red-tagging, harasment, sarbeylans, pagsampa sa gawa-gawang

kaso at pekeng pagpapasurender sa mga komunidad ng Ilocos.

Sa harap ng banta ng ibayong paghihirap at pang-aapi sa ilalim ng bagong luklok na rehimeng Marcos II, nangako ang NDF-Ilocos na magpapalakas at magkonsolida para magsilbing matibay na moog ng rebolusyonaryong pakikibaka ng mga Ilokano.

“Ibayo pang imumulat at ipapaalala ng NDF-Ilocos sa kabataan at mamamayang Ilokano ang tunay na kasaysayan ng pagkaganid at tiranya ng dinastiyang Marcos,” ayon kay Ka Rosa. “Ibayo pang palalakasin ang armadong pakikibaka sa pamamagitan ng mas marami pang pasasampahin sa BHB at pagpapalakas sa suporta dito.”

## **Protestang bayan**

Hulyo 8, 2022

Barikada sa Benguet

Naninindigan ang mga katutubo sa isang komunidad ng mina sa Mankayan, Benguet mananatili sila sa kanilang barikada matapos pagbantaan sila ng ligal na aksyon noong Hunyo 27. Itinayo nila ang barikado mula Hunyo 28 para ipagtanggol ang kanilang lupang ninuno laban sa Crescent Mining Development Corporation.

DepEd, siningil ng mga guro

Nagprotesta noong Hunyo 24 ang mga guro mula sa ACT-NCR sa harap ng uoisina ng DepEd sa Pasig City para tuligsain si Sec. Leonor Briones sa kabiguan nitong tugunan ang hiling ng mga guro sa overtime pay at dagdag sahod.

Alyansa para sa karapatang-tao sa Negros, binuo

Binuo ng mga taong-simbahan, midya at mga personalidad sa Negros ang Human Rights Advocates – Negros (HRAN) noong Hunyo 25 sa simbahan ng Iglesia Filipina Independiente sa Bacolod City. Layon nitong isulong at depensahan ang karapatang tao sa inaasahang mas matindi pang mga paglabag sa ilalim ng rehimeng Marcos-Duterte.

## **Totoo at tataas pa ang 6.1% implasyon—mga ekonomista**

Hulyo 8, 2022

Gaano man itanggi ni Ferdinand Marcos Jr, mataas at patuloy na tataas ang tantos ng implasyon sa bansa. Noong Hulyo 5, inianunsyo ng Philippines Statistics Authority (PSA) na pumalo na sa 6.1% ang implasyon sa Hunyo, mula 5.4% sa Mayo.

Taliwas sa pahayag ni Marcos, noon pang Hunyo 2021 lumampas sa 4% ang tantos ng implasyon sa Pilipinas. Dulot ito pangunahin ng pagtaas ng presyo ng pagkain at iba pang batayang mga bilihin. Ngayong taon, itinulak ang pagsirit ng mga presyo ng walang awat na pagtaas ng presyo ng langis mula pa Enero, na lalupang nagpasirit sa dati nang matataas na presyo ng pagkain.

Inaasahang lalagpas pa sa 6.1% ang magiging implasyon ngayong taon, ayon sa mga analista. Tiyak na higit pang bibilis ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin at serbisyo sa susunod na mga buwan. Napipinto ang mga pandaigdigang krisis sa pagkain dahil sa mga restriksyon sa kalakalan na ipinataw ng US sa Russia. Maraming batayang pagkain ang inaangkat ng bansa (gatas, harina at maging bigas at isda). Iniaasa ng mga upisyal ng estado sa mga imported na kalakal na ito ang estabilidad ng suplay ng pagkain, imbes na itulak

ang lokal na produksyon. Isa-isa nang naghigpit ng mga produktong i-eksport ang mga bansang prodyuser nito.

Dahil dito, lalong nababawasan ng halaga ang kada piso na hawak ng mamamayang Pilipino. Sa taya ng PSA, nasa ₱0.87 na lamang ang piso kumpara sa halaga nito apat na taon ang nakaraan. Ibig sabihin, para makabili ng mga serbisyo at produktong nagkakahalaga ng ₱1 noong 2018, kailangan na mayroong ₱1.13 ang isang konsyumer.

Mas mababa pa ang tunay na halaga ng piso para sa 30% pinakamahihirap na Pilipino, sa taya ng mga ekonomista. Nasa ₱0.72 na lamang ang halaga ng kanilang piso. Ito ay dahil ang pangunahing sumirit ay ang mga presyo na pagkain (manok at bigas) na mayor na pinagkagagastusan ng mahihirap na pamilya. Kumpara sa pangkalahatan na gumagastos lamang ng higit sangkatlo (34.8%) ng kanilang kita para sa pagkain, nasa 55% o higit kalahati ang ginagastos ng mahihirap na mga pamilya para rito.

Gayundin, lumobo ang gastos para sa transportasyon dulot ng pagtaas ng presyo ng gasolina nang hanggang 54% at diesel nang 92.5%.

## **Krisis sa disempleyo, patuloy na lumalala**

Hulyo 9, 2022

Muling dumami ang bilang ng mga walang trabahong Pilipino noong Mayo kumpara sa nakaraang dalawang buwan bago nito, batay sa estadistika ng reaksyunaryong gubyrno. Sa datos na inilabas ng Philippine Statistics Authority noong Hulyo 6, pumalo sa 2.93 milyon mula sa 2.76 noong Abril. Tumaas din ang bilang ng mga kulang sa trabaho, kahit bahagya itong bumaba noong nakaraang

buwan. Kung tutuusin, malayong mas malaki pa ang totoong bilang ng mga ito.

Ayon sa Ibon Foundation, patunay ang muling paglaki ng bilang ng walang trabaho at kulang sa trabaho na hindi pa rin nakabubwelo ang lokal na ekonomya, taliwas sa ipinagmamalaki ng estado.

“Ipinapakita ng pagtaas ng kawalang trabaho at impormal na trabaho na sa kabila ng pagbubukas ng ekonomya at pinalaking paglago (ng ekonomya), patuloy na umiiral ang krisis sa disempelyo” ayon sa grupo. Ipinaliwanag ng grupo na para makatotohanang pasikarin ang ekonomya at agapan ang krisis, kakailanganin ng makabuluhan pamumuhunan dito.

Dagdag pa ng Ibon, kung susuriin ang umiiral na trabaho, karamihan pa rin dito ay nasa impormal na sektor. “May trabaho nga ang mga Pilipino, pero karamihan sa kanila ay nagkakasya sa trabahong walang katiyakan, di regular at di disente.”

Isang patunay na lumalaki ang bilang ng mga nasa impormal na sektor ay paglaki ng bilang ng mga manggawang “self-employed” at mga unpaid family worker. Marami rin ang nasa trabahong “part-time.”

Patuloy na nawawala ang mga trabaho sa agrikultura at pangisda, mga sektor na esensyal na di gaano napailalim sa mahihigpit na lockdown. Sa datos ng estado, 629,000 trabaho ang nawala rito noong Mayo. Bago nito, 1.1 milyon ang nawalang trabaho sa sektor.

“Lalong palalalain ng kawalang estabilidad ng ekonomya ang krisis sa disempleyo,” ayon sa grupo. Hindi sapat ang planong “edukasyon at skills development” para itaas ang “employability” ng mga Pilipino.

Bago nito, pinuna ng Ibon ang “Bongbongnomics” na pagpapatuloy sa nawalan na nang kabuluhang mga neoliberal na ideya na ang “pinakamaayos na estado” ay ang estadong hindi “nakikialam” sa pambansang ekonomya. Kabilang dito ang “pamumuhunan” sa “self-employment” ng mga Pilipino kung saan pababayaan ng estado ang mga manggagawa sa pagsasamantala at pang-aapi sa “libreng merkado.” Ang mga ito ay mga kaisipang itinulak ng lahat ng mga presidente, kabilang ng diktador niyang ama na nagbangkarote sa ekonomya noong dekada 1980.

## **Samahan ng kontraktwal na gwardya sa UP Diliman, itinatag**

Hulyo 9, 2022

Para bigkisin at ibayong palakasin ang kanilang paglaban, itinatag ng mga gwardya ng University of the Philippines (UP)-Diliman ang Samahan ng mga Nagkakaisang Security Guards ng UP Diliman noong Hulyo 7. Bunga ito ng pakikibaka ng mga gwardya laban sa ilegal na tanggalan, mababang pasahod, paglaban sa kotnraktwalisasyon at iba pang paglabag sa kanilang karapatan ng ahensyang nangangasiwa sa kanila at ng pamantasan.

Higit isang buwan na mula nang ilegal na tanggalin ang umabot sa 140 gwardya ng UP Diliman matapos palitan ng administrasyon ng pamantasan ang labor agency ng mga gwardya. Hindi inabsorb o kinuhang muli ng bagong ahensyang FEMJEG Security Agency ang mga gwardya mula sa dati nitong ahensya na Grand Meritus.

Ayon sa mga gwardya, kataka-taka kung paanong nakalusot sa pagsusuri ng administrasyon ng pamantasan ang Femjeg security agency gayong kilala ito sa mga paglabag sa



karapatang-manggagawa. Kada taon ay nagpapalit ng ahensyang nangangasiwa sa mga gwardya ang pamantasan.

Sa panayam na inilathala sa Philippine Collegian, pahayagan ng mga estudyante sa pamantasan, sinabi ng isa sa mga nasisante na malaking pahirap para sa kanila ang taun-taong pagpapalit ng ahensya dahil taun-taon ding nanganganib ang kanilang mga trabaho.

Notoryus ang ahensyang Fempeg sa mababang pasahod, ilegal na terminasyon, samutsaring dagdag singil at iba pang paglabag sa karapatang manggagawa. Maging ang mga gwardyang ilang taon nang nagtatrabaho sa pamantasan ay hindi nito ipinanatili sa trabaho.

Noong Hulyo 5, nag-walkout ang mga gwardya sa trabaho bilang protesta. Sa sumunod na araw, nagprotesta sila at kanilang mga tagasuporta sa Quezon Hall sa UP Diliman kasabay ng pakikipagdayalogo nila sa administrasyon. Isinagawa nila ang mga talakayan at pag-aaral pagkatapos ng isang almusalang bayan kasama ang mga kawani, guro at mag-aaral ng pamantasan.

Itinirik din nila ang kampuhan sa labas ng gusali para tuluy-tuloy na igiit ang pagbabalik sa kanila sa trabaho, regularisasyon, makatwirang pagpapasahod at pagrespeto sa kanilang mga karapatan.

## **Huwag nang ipagpaliban ang 100% pagbabalik ng mga estudyante sa mga eskwelahan**

Hulyo 11, 2022

Ituloy na ang paghahanda para sa ligtas na pagbubukas ng mga paaralan sa Setyembre at pagbabalik ng lahat ng mga estudyante sa kanilang mga klasrum sa Nobyembre. Ito ang

panawanag ng ACT Teachers Party sa Department of Education kahapon, Hulyo 10.

Ayon kay ACT Rep. France Castro, sobrang tagal na ng palpak ng distance learning. “Sobrang naantala na ang pagbabalik sa face-to-face classes,” aniya. “Ang sistema natin sa edukasyon ay dumaranas ng isang mayor na krisis sa pagkatuto dahil sa di sapat na mga kagamitang pang-eskwela, di maasahang kuneksyon sa internet, kawalang suporta para sa modular learning, at iba pang salik na nagbubunga sa pagiging inaccessible (o di natatamasa) nito at pagsasakripisyo sa kalidad ng edukasyong nakukuha ng mga estudyante.”

Hindi na kaya ang isa na namang pagpapaliban sa pagbabalik sa mga klasrum. Tungo rito, dapat tiyakin ng DepEd at ng administrasyong Marcos Jr na sapat ang rekurso para sa ligtas na pagbabalik ng mga klaseng face-to-face.

Inirekomenda ng ACT ang 35 estudyante kada klasrum. Ibig sabihin nito, dapat dagdagan ang mga titser para sa dagdag na mga seksyon. Ibig din sabihin nito ang dagdag na mga nars at sapat na bilang ng mga utility personnel para matiyak na napangangalagaan ang kalusugan ng lahat ng nasa loob ng paaralan.

Hinggil sa rekomendasyong ipagpaliban ang pagbubukas, mungkahin ng ACT na bigyan ng sapat ng kabayaran o service credit ang lahat ng mga gurong nagtatrabaho pa lagpas ng Hunyo 24.

“Bigyan natin ng sapat at tamang kompensasyon ang trabaho na ginagawa ng teacher para sa paghahanda sa paparating na bagong school year na hindi isinasakripisyo ang kalidad ng edukasyon na matatanggap ng mga mag-

aaral lalo na ngayong naghahabol tayo sa malalang krisis sa edukasyon na dinaranas ng ating bansa,” ayon kay Rep. Castro.

Kaugnay nito, nagpanukala ang ACT sa Kongreso ng resolusyon para dagdagan ng ₱32 bilyon ang badyet para sa mga pampublikong paaralan. Nagpanukala din siya na gawing pinakamataas na prayoridad sa pagbabadyet ang edukasyon, kung saan ilalaan ang 6% ng gross domestic product ng bansa sa mga ahensya at instrumento na may kaugnayan sa edukasyon.

## **Mamamahayag, pinarangalan ng NDF-Negros**

Hulyo 11, 2022

Pinarangalan ng National Democratic Front-Negros si Nikka de la Cruz (Ka Chai), isang Pulang mandirigmang maysakit na pinatay ng 94th IB sa Binalbagan sa isla ng Negros noong Hulyo 6. Kasama niyang pinaslang ang tatlo pang mandirigma na pawang maysakit.

Walang katotohanan ang ipinagkakalat ng Armed Forces of the Philippines na nagkaroon ng putukan, ayon sa NDF-Negros. Ayon sa salaysay ng mga residente sa lugar, sinubukan nilang tulungan ang maysakit na mga mandirigma pero nagpaulan na ng bala ang mga sundalo. Maging ang bukal na pinagkukunan ng tubig ng komunidad ay hinagisan ng mga sundalo ng mga granada ang bukal sa pagdadahilang pinagtataguan diumano ito ng mga mandirigma.

Ilang minuto paglipas, harapang pinaslang sa mistulang isang firing squad ang mga apat na kasamang nasukol at nadakip. Ayon sa mga nakasaksi, ipinwesto ng mga sundalo ang mga bangkay para pagmukhaing nagkaroon ng labanan.

Pinararangalan ng NDF si De la Cruz na anito's "isang batang rebolusyonaryong intelektwal na tumugon sa panawagang makipamuhay sa kanayunan at sumapi sa hukbong bayan."

"Namatay siya bilang isang pinakamamahal na mandirigma ng bayan at kadreng proletaryo na kumakatawan sa batayang prinsipyong rebolusyonaryo ng pagsisilbi sa sambayanan."

Si De la Cruz ay nagtapos ng kursong journalism sa University of San Jose-Recolets at unang nagtrabaho bilang reporter ng dySS, isang istasyon ng radyo ng kumpanyang GMA-7. Dito niya nausisa ang mga kwento at usapin na kadalasan ay di na nakaaabot sa mainstream media. Kalaunan, nagpasya siyang umanib siya sa Aninaw Productions, isang alternatibong grupong pang-midya.

## **Presidente ng Sri Lanka, napalayas ng dambuhalang protesta**

Hulyo 11, 2022

Libu-libong galit na mga Sri Lankan ang sumugod at kumubkob sa palasyo ni President Gotabaya Rajapaksa sa Colombo, kabisera ng bansa, noong Sabado, Hulyo 9. Ang pagdumog sa palasyo ay rurok ng apat na buwan nang pagkilos ng mga Sri Lankan sa harap ng napakatinding krisis sa ekonomya, kagutuman at kahirapan. Napilitang lumayas sa palasyo si Rajapaksa sa araw na iyon. Ayon sa parlamento, upisyal na mag-anunsyo si Rajapaksa ng pagbibitiw sa pwesto sa darating na Hulyo 13.

Una nang natulak na magbitiw bilang prime minister ang kanyang kapatid na si Mahinda Rajapaksa noong Mayo 10. Ang ipinalit sa kanya na si Ranil Wickremesinghe, isang

malapit na alyado ng mga Rajapaksa, ay nag-anunsyo na rin na magbibitiw siya sa pwesto.

Sa kasalukuyan, nananatili okupado ng libu-libong Sri Lankan ang palasyo para bantayan kung tuluyang magbibitiw sa pwesto ang mga kasapi ng gubyernong Rajapaksa. Noong Marso pa nagsimula ang panawagan para sa pagbibitiw ni Rajapaksa sa pwesto sa isang kilusang tinaguriang Gota Go Home (Gota umuwi ka na) na sa kalauna'y naging Gota go to jail (Ikulong si Gota).

Pumutok ang mga protesta dulot pangunahin ng palpak na tugon ng gubyernong Rajapaksa sa krisis sa ekonomya na ibinusod ng dambuhalang utang na di na mabayaran. Dahil sa kawalan ng kakayahang magbayad ng utang at pagbabawa ng "credit rating" (paggagrado ng mga banko) ng bansa, hindi makapangutang ulit ang Sri Lanka. Dahil dito, nasaid ang reserbang dolyar na ipinapambayad sa imported na langis, pagkain, gatas at gamot na kinakailangan ng bansa. Dagdag pa dito ang pagbagsak nang 77% ng halaga ng rupee (pera ng bansa) kontra sa dolyar mula 203 tungong 360 sa unang mga buwan ng taon.

Naging resulta nito ang matitinding kasalatan sa suplay ng pangunahing bilingin, at mahahabang pila para makabili ng batayang pagkain at kerosene (ginagamit pangluto) at langis ng pampublikong mga sasakyan na dinaranas ng mga Sri Lankan. Sumirit tungong 80% ang implasyon sa pagkain noong Hunyo. Umaabot sa 8 hanggong 10 oras na walang kuryente kada araw.

Pilit na itinuturong salarin sa krisis ng gubyernong Rajapaksa ang krisis sa pandemya at gera sa Ukraine, pero para sa mamamayang Sri Lankan, idinulot ito ng malawakang korapsyon, pagpataw ng mapaminsalang mga

patakaran sa ekonomya, palpak na tugon sa pandemya ng gubyerno.

Kumalat ang mga larawan at bidyo sa social media nang pagkubkob ng daan-libong mga Sri Lankan sa palasyo ng presidente. Makikita sa mga ito ang pagbubunyi ng mga Sri Lankan habang kinakain nila ang pagkain sa kusina ng palasyo, hinihigaan ang kama ng presidente, paliligo sa swimming pool at paggamit sa mamahaling mga kasangkapan sa gusali.

Bilang paghahanda sa pagbaba sa pwesto ng presidente at gubyerno nito, ibinukas at iminungkahi ng mga oposisyong partido ang isang 'all-party government' o gubyernong binubuo ng lahat ng mga partido para mangasiwa sa bansa at krisis na kinakaharap nito.

Tinuldukan ng dambuhalang protesta ang dalawang dekadang paghahari ng mga Rajapaksa sa Sri Lanka.

## **Sonang pang-ekonomya, itatayo sa militarisadong mga erya sa Davao City**

Hulyo 11, 2022

Pang-aagaw ng lupa ang tunay na pakay ng kampanyang kontra-insurhensya ng noo'y meyor ng Davao at ngayo'y bise presidente na si Sara Duterte-Carpio.

Noong nakaraang linggo, inanunsyo ng Davao City Investment Promotions Center ang pagpapalit-gamit sa 25-ektaryang lupa sa Brgy. Daliao, Toril at 80-ektaryang lupa sa katabing Bunawan at Tibungco, lahat sa Davao City. Ang mga lupang ito ay mga sakahan ng libu-libong magsasaka at Lumad na walang sariling lupa. Sa halip na igawad sa kanila ang lupa, balak ng mga Duterte na itayo rito ang isang agro-

industriyal na “economic zone” na pakikinabangan ng mga burukrata (sa anyo ng mga kikbak sa imprastruktura) at dayuhang mga kumpanya.

Ang mga barangay na ito ay kasama sa mga lugar na idineklarang “insurgency-free” noong Hunyo 21 ng 10th ID ng Armed Forces of the Philippines. Ginawa ang deklarasyon sa gitna ng walang patid na militarisasyon, pangmamasaker, pamamaslang, iligal na pang-aaresto at detensyon, intimidasyon, pwersahang “pagpapasurender” sa mga sibilyan at pilit na pagpapailalim sa kanila sa kunwa’y mga “organisasyong masa.”

Ang Toril, sa partikular, ay mahigit isang dekada nang pokus ng walang awat na militarisasyon ng AFP. Noong nakaraang taon, itinayo dito ng 10th ID ang pekeng mga samahan ng magsasaka para bigyan-daan ang pagpasok ng mga komersyal na plantasyon at iba pang dayuhang kumpanya. Pinalabas ng AFP na ang pagsapi ng mga magsasaka sa mga organisasyong ito ay patunay na naggapi na ang rebolusyonaryong kilusan sa lugar.

“Ang kalokohang plano ng pagtatayo dito ng mga sweatshop (pabrikang atrasado at barat magpasahod) ay magpapalala lamang sa problema ng kawalang lupa sa magsasaka at Lumad at magbubunga sa malalalang porma ng pagsasamantala sa mga manggagawa,” ayon kay Rubi del Mundo, tagapagsalita ng National Democratic Front-Southern Mindanao, sa isang pahayag noong Hulyo 9.

Itatransporma ng mga “agro-industriyal na eco-zone” na ito ang produktibong mga lupang agrikultural tungong mga plantasyon na may iisang pananim (monocrop) para sa eksport at mga plantang nagpuproseso at nagpapakete, at mga lugar panturismo. Sa kagyat, palalayasin ng mga ito ang mga magsasaka. Sa pangmatagalan, sisirain nito ang dating

produktibong lupa dulot ng paggamit ng nakalalasang mga kemikal (pestisidyo at iba pa), tulad ng nangyari na sa maraming plantasyon sa Mindanao.

“Kilala ang mga eco-zone bilang mga pugad ng mapagsamantalang mga kumpanyang dayuhan na nagpapasasa sa murang lakas-paggawa at nandadambong sa ating mga likas na rekurso,” aniya.

Hindi ligtas sa planong tayuan ng mga “eco-zone” kahit ang mga lupang ninuno ng mga Lumad sa iba pang bahagi ng rehiyon. “Sa Talaingod, ekta-ektarya na ang nilatagan ng mga daan at resort na...nagpapalayas sa daan-daang mga pamilyang Ata-Manobo mula sa kanilang mga lupa at kabuhayan.”

## **Ika-6 taong anibersaryo ng ruling kaugnay sa West Philippine Sea, ginunita sa protesta**

Hulyo 12, 2022

Naglunsad ng koordinadong protesta ang mga mangingisdang kasapi ng Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya) bilang paggunita sa ikaanim na taon ng pagkatig ng Permanent Court of Arbitration (PCA) sa Pilipinas laban sa China sa usapin ng pagmamay-ari sa West Philippine Sea.

Inilabas ng PCA ang desisyong ito noong Hulyo 12, 2016 na nagsabing walang batayan ang pag-angkin ng China sa bahagi ng West Philippine Sea at nilalabag nito ang soberanya ng Pilipinas at karapatan nitong mangisda at saliksikin ang rekursong nasasaklaw ng 370-km exclusive economic zone nito.



Kabilang sa mga nagprotesta ang 30 mangingisda na naglunsad ng isang parada sa Laguna de Bay upang itulak ang gubyrno na igiit ang desisyon ng PCA sa China at itaguyod ang soberanya ng bansa.

“Anim na taon matapos ang makasaysayang tagumpay ng bansa, hindi pa rin tumitigil ang China sa paglabag sa soberanya at karapatang pangisda ng bansa sa sarili nating mga tradisyunal na pangisdaan,” saad ni Ronnel Arambulo, pambansang tagapagsalita ng Pamalakaya.

Ayon sa grupo, hindi bababa sa 600,000 mangingisda at manggagawa sa pangisdaan ang direktang apektado ng agresyon ng China sa West Philippine Sea. Noong 2021, naglabas ng konserbatibong taya ang University of the Philippines’ Marine Science Institute (UP MSI) na umaabot sa P33.1 bilyon ang tinatayang nalulugi sa Pilipinas kada taon dahil sa poaching at reklamasyon at pagtatayo ng mga gusali ng China sa WPS. Liban dito, nasa P644 bilyong halaga ng isda o 1.4 milyong tonelada ng isda ang ninakaw ng China sa karagatan ng Pilipinas simula pa 2014.

Naging bantog din sa panghihimasok at agresyon ng China ang insidente sa Reed Bank kung saan inararo, pinalubog at pinabayaan ng isang sasakyang pandagat ng China ang sasakyang pandagat na Pilipino na FB Gem-Ver noong 2019.

Ayon sa Pamalakaya, malinaw na isinaad sa desisyon ng PCA na “maysala” ang China sa pandarambong ng marine environment ng Pilipinas dahil sa reklamasyon at mga iligal na aktibidad nito sa exclusive economic zone at paglabag sa karapatan ng mga mangingisdang Pilipino.

“Nasa interes ng mamamayang Pilipino at maliliit na mangingisda na tuluyang mabawi ang kontrol ng bansa sa

teritoryong pandagat at rekursong pandagat na ninanakaw ng China sa atin,” saad ng Pamalakaya.

Dapat umanong igiit ng gubyrerno sa China na bayaran nito ang nasirang mga bahura ng bansa at pagbayarin sila ng upa sa iligal na okupasyon sa teritoryong pandagat ng Pilipinas.

Tulad ni Rodrigo Duterte, “mapagkaibigan” si Ferdinand Marcos Jr sa China. Sa gayon, ipagpapatuloy lamang niya ang palasuko at palayukong pakikipag-ugnayan ng gubyrerno sa China sa kapinsalaan ng mga mangingisda at mamamayang Pilipino.

## **Palyadong mga airstrike sa Cagayan, perwisyo sa mga sibilyan**

Hulyo 12, 2022

Tanda ng kawalang pakundangan (indiscriminate) ng mga pambobomba ng AFP, tatlo sa apat nitong mga airstrike na isinagawa sa Cagayan mula Setyembre 2021 hanggang Pebrero ngayong taon ay palyado at bigong tumama sa sinasabi nitong mga target na yunit ng Bagong Hukbong Bayan at sa halip ay nagdala ng perwisyo sa taumbayan.

Sa isang kaso, mga nag-ooperasyong pulis ang tinamaan ng mga bomba nito. Para pagtakpan ang kapalpakang ito, nag-imbento ang AFP ng mga sagupaan kung saan pinalalabas nitong mga Pulang mandirigma ang mga napatay.

Ayon sa ulat na natanggap ng Ang Bayan nitong Hulyo, sa tatlong beses na naghulog ng bomba sa bayan ng Sta. Teresita, isa rito ay tumama sa isang platun ng Regional Police Safety Battalion. Nag-ooperasyon noong Setyembre 28, 2021 ang naturang platun sa Barangay Aridawen nang bombahin sila ng AFP. Naka-“disguise” o nagpanggap noon

ang mga pulis na mga Pulang mandirigma. Ayon sa mga residente sa lugar, di bababa sa 20 ang kaswalti sa pambobomba. Pinalabas ng AFP na tatlong Pulang mandirigma ang napatay gayong walang yunit ang BHB sa lugar sa panahong iyon.

Bago nito, ibinalita na ng BHB-Cagayan ang pagkasawi ng limang Pulang mandirigma sa airstrike na isinagawa sa Dungeg, Sta. Teresita noong Setyembre 21, 2021.

Noon namang Pebrero 4, sa Sityo Tagcar, Barangay Mission sa parehong bayan, naghulog ng bomba ang AFP sa sanga ng Mission River. Isinagawa ito nang araw. Nasira nito ang mga taniman ng mga katutubong Aggay at mga setler na Ilocano at Bicolano na nakatira sa sityo.

Noong Enero 29, nambomba rin ng AFP sa paanan ng Mt. Cagua sa Sityo Maging, Barangay Sta. Clara sa bayan ng Gonzaga nang alas-3 ng madaling araw. Tinamaan nito ang mga kubo ng maliitang mga minero sa tabing ilog. Sa taya ng mga residente, ipinagkamali ng AFP na kampuhan ng BHB ang pwesto ng mga minero dahil “nakahilera” ang mga kubo nito sa ilog at gumagamit ng generator. Pinalabas ng AFP na mga Pulang mandirigma ang kanilang tinamaan.

Noong Pebrero 28, hinarang ng mga pulis ang fact finding mission na papunta sa Sta. Clara para imbestigahan ang insidente ng pambobomba at maghatid ng relief sa mga apektadong sibilyan. Inaresto ng mga pulis ang nanguna sa misyon na si Agnes Mesina ng Makabayan-Cagayan. Dahil dito, hindi nakatuloy ang tim sa lugar.

## **Shinzo Abe, rebisyunista ng kasaysayan ng imperyalistang Japan**

Hulyo 12, 2022

Insulto sa mamamayang Pilipino ang papuri ng mga upisyal ng reaksyunaryong estado sa pinaslang na si Shinzo Abe, dating prime minister ng Japan, nang walang pag-aalala sa lahat ng mga biktima ng imperyalistang Japan noong panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Binaril at napatay si Abe noong Hunyo 9 habang nangangampanya sa prefecture (prubinsya) ng Nara sa Japan. Kaagad ring nahuli at ngayon ay nakakulong na si Tetsuya Yamagami, ang bumaril sa kanya.

“Kaibigan at tagasuporta ng mga Pilipino,” “alyado” at “kaibigang itinuring na parang kapatid,” ang ilan sa mga papuri nina Ferdinand Marcos Jr, Sara Duterte-Carpio at kanyang ama na si Rodrigo kay Abe. Wala ni isa sa kanila ang nagbanggit sa rekord ni Abe ng pagtangga sa brutalidad na dinanas ng mga Pilipino, katulad ng mga Chinese, South Korean at iba pang mamamayan na sinakop ng Japan noong dekada 1940.

Isa sa mga gustong ikubli ni Abe ang krimen ng Japan laban sa mga tinaguriang “comfort women,” ang mga babaeng inalipin at paulit-ulit na ginahasa ng mga sundalong Hapon. Napilitan siyang humingi ng tawad sa South Korea noong 2015 pero tinangka pa rin niyang suhulan ang gubyrerno rito ng isang bilyong yen para tigilan nito ang pagpuna sa naging brutalidad ng Japan.

Sa Pilipinas, walang ganitong paggigiit ang estado na humingi ng tawad ang Japan, sa kabila ng deka-dekadang pakikibaka ng mga Pilipinang comfort women. Noong 2018, pinatanggal pa ni Duterte ang isang rebulto ng isang comfort woman sa kahabaan ng Roxas Boulevard dahil “nakagagalit” umano ito sa Japan. Namatay na lamang ang huling comfort woman sa Pilipinas nang hindi man lamang kinilala ang krimeng nagawa sa kanya.

Liban sa pagtatangkang burahin ang kasaysayan ng brutalidad ng Japan, itinuturing ng US si Abe nilang pinakamatatag na alyado nito sa Asia.

Wala pang siglo ang dumadaan nang pwersahang sakupin ng Japan ang Pilipinas (1941-1945). Dokumentado sa kasaysayan ang brutalidad ng mga pwersang Hapon laban sa mga Pilipino. Isa sa mga tampok dito ang tinaguriang “Panggagahasa sa Manila” kung saan 100,000 hanggang 500,000 Pilipino ang pinatay ng mga sundalong Japanese. Pinangunahan ang barbaridad na ito ni Gen. Tomoyuki Yamashita, na hinatulan ng kamatayan noong 1946 para sa kanyang mga krimen sa digma.

### **₱5-6 rolbak sa presyo ng petrolyo, katiting kumpara sa ₱30-42 netong pagtaas mula Enero**

Hulyo 12, 2022

Kinastigo ng samahan sa transportasyon na Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (Piston) ang ₱5-6 na rolbak sa presyo petrolyo ngayong linggo at sinabing hindi ito sapat para makaagapay sa napakababang kita ng mga tsuper sa araw-araw.

“Patuloy na nahihirapan ang mga drayber ng dyip sa higit kumulang ₱350 arawang kita lamang dulot ng napakataas na pa ring presyo ng petrolyo sa kabila ng rolbak,” ayon sa Piston. Dagdag pa nila, lubhang maliit ang rolbak kumpara sa netong pagtaas nito na nagresulta sa pinakamataas na implasyon sa nagdaang tatlong taon.

Sa datos mismo ng Department og Energy noong Hulyo 5, umaabot na sa kabuuag ₱30 kada litro ang itinaas ng presyo ng gasolina; ₱42.90 sa diesel at ₱36.35 sa kerosene mula nang magbukas ang taon.

Noong Hunyo, pumalo ang implasyon sa transportasyon tungong 17.1% dahil sa 53.9% pagtaas sa presyo ng gasolina at 92.5% sa diesel kumpara sa presyo nito noong nakaraang taon.

Ayon sa grupo, bagaman panandaliang nakatutulong sa sektor ng transportasyon ang pana-panahon at maliitang subsidyo at ayuda, ang kinakailangan umano ay masinsing mga ekonomikong reporma.

“Kailangang alisin ang mga patong-patong na buwis sa langis na pinapasan ng mga tsuper gaya ng VAT at Excise Tax,” ayon kay Mody Floranda, pambansang tagapangulo ng Piston, “para sa mas pangmatagalan, kailangan ibasura ang Oil Deregulation Law at bawiin ng gubyrerno ang Petron.”

Pinuna ni Floranda ang pakikipagsabwatan ng Department of Energy at pagsunod sa dikta ng mga dambuhalang kumpanya ng langis na tumatabo ng milyun-milyon mula sa paghihirap ng taumbayan.

Inilinaw din ng Piston na mali ang pagtutulak ng ibang mga grupo sa transportasyon na muling buhayin ng rehimeng Marcos ang Oil Price Stabilization Fund (OPSF) na nagsubsidyo sa mga kumpanya sa langis noong panahon ng diktadurang US-Marcos I. Ibayong patatabain lamang umano nito ang bulsa ng mga kumpanya sa langis ayon sa grupo.

“Lingguhan ang pagbabago sa presyo ng langis at bagama’t may pagbaba ngayon, kung patuloy lang na nagpapasarap sa palasyo at magpapabaya sa mga isyu ng taumbayan si BBM (Marcos), asahan nating magpapatuloy ang pagtaas ng presyo ng langis at ng mga bilihin at patuloy na maghihirap ang mga Pilipino,” pagtatapos ni Floranda.

## 4 na aktibista at organisador, dinukot ng militar

Hulyo 13, 2022

Nanawagan ngayong araw ang grupong Gabriela, Kilusang Mayo Uno (KMU), Desaparecidos, mga kaanak ng apat na aktibista na dinukot noong Mayo at Hunyo na kagyat silang ilitaw ng armadong pwersa ng estado. Iginigiit nila sa rehimeng Marcos II na iharap sa korte ang apat kung mayroong mga kasong nakasampa laban sa kanila.

Nanawagan din sila sa Commission on Human Rights (CHR) na magsagawa ng kagyat na imbestigasyon at gabay sa paghahanap sa mga biktima.

Pinangalanan ang mga biktima bilang sina Elizabeth 'Loi' Magbanua at Alipio 'Ador' Juat, parehong organisador ng mga manggagawa na nawawala mula pa Mayo 3 at sina Elgene Mungcal ng Gabriela Women's Partylist at Ma. Elena 'Cha' Cortez Pampoza ng Anakpawis na dinukot noong Hulyo 3.

Sina Magbanua at Juat ay huling nakita sa Barangay Punturin, Valenzuela City matapos dumalo sa isang pulong sa lugar. Matagal na silang aktibong umaagapay sa mga manggagawa hinggil sa kanilang mga karapatan at kapakanan. Ayon sa anak ni Juat, nakontak niya ang kanyang ama noong pangatlong linggo ng Mayo at nakapagsabi pang dinakip siya at si Magbanua ng mga pwersa ng Philippine Navy.

Sa panayam ni Jerome Adonis, pangkalahatang kalihim ng KMU, sa midya kaninang umaga, sinabi niyang si Juat ay "pinauwi" sa kanilang bahay at muling inaaresto ng kanyang mga "handler" na sundalo sa nagdaang mga buwan. Dito na naikwento ni Juat na inihiwalay sa kanya si Magbanua noong siya'y nakakulong sa Camp Aguinaldo.

Samantala, sina Mungcal at Pampoza, pawang tagapagtaguyod ng karapatan ng mga magsasaka, ay huling natunton sa Winfare Supermarket, Moncada, Tarlac. Ayon sa ulat ng mga anak ni Pampoza, nakikita nilang “nababasa” pa sa selpon ng kanilang ina ang mga mensaheng nila sa Viber hanggang Hulyo 5 pero hindi sila nakatatanggap ng anumang sagot.

Ayon sa mga kaanak ng biktima, ang estado lamang ang may motibong dukutin ang apat sa layuning patahimikin ang mga progresibo at nag-oorganisa sa hanay ng anakpawis.

Kabilang sa humarap sa midya kaninang umaga ang anak ni Cha Pampoza na nagsabing hindi ito ang unang pagkakataon na inatake ang kanilang pamilya. Ayon sa kanya, ang kanyang ama ay isa rin desaparecido. Emosyonal niyang sinabi na sana ay buksan ang mga kampo ng militar at pahintulutan silang halughugin ang mga ito at hanapin ang kanilang nawawalang kaanak.

“Lubos na nakaaalarma ang panunumbalik ng mga kaso ng mga desaparecido at ekstrahudisyal na pag-aresto at pagkulong,” ayon sa KMU. “Bakit sila dinadakip? Dahil ba katuwang sila ng sambayanan sa pakikipaglaban para sa demokratikong karapatan sa trabaho, seguridad sa pagkain, hustisya, at iba pa,” dagdag ng grupo.

Nagsalita rin sa panayam kaninang umaga ang kinatawan ng grupong Desaparecidos kung saan iginiit niyang ilitaw ang lahat ng biktima ng sapilitang pagkawala. Ayon sa kanya, sampu ng lahat ng mga pamilya ng mga biktima ng sapilitang pagwawala, dapat ilitaw ang kanilang mga kaanak at bigyan sila ng hustisya. Dagdag niya, dapat mayroong mapanagot sa karumal-dumal na krimen na ito.



## Walang engkwentrong naganap sa Palimbang noong Linggo—BHB-Sultan Kudarat

Hulyo 14, 2022

Pinasinungalinan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Sultan Kudarat ngayong araw ang iniulat ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na engkwentro ng 57th IB sa Barangay Tibuhol, Palimbang noong Linggo, Hulyo 10. Sa ulat ng 57th IB, nakasagupa umano nito ang “limang komunistang rebelde” sa naturang barangay bandang hapon noong Linggo.

Inilinaw ng pamprubinsyang kumand ng BHB na wala itong nakasagupang yunit ng militar noong Linggo.

Pinalalabas ng 57th IB na mayroong isang Pulang mandirigmang napaslang sa naturang engkwentro at nakasamsam diumano ng mga kagamitang militar kabilang ang isang .30-caliber Garand, mga bala at personal na gamit.

Ayon sa BHB-Sultan Kudarat, inaalam pa nito ang tunay ng pangyayari kung mayroon bang sibilyang pinaslang ang mga sundalo o gawa-gawang kwento lamang ang ipinakakalat ng mga ito. Ayon sa yunit ng BHB, maaaring “planted” o pag-aari ng mga sibilyang residente ang armas na ipinresenta ng 57th IB sa mga larawang ipinakalat nito sa social media.

Iniulat din ng yunit ang pagpapalipad ng mga helikopter ng Armed Forces of the Philippines sa hangganan ng Palimbang, bayan ng Sen. Ninoy Aquino at Maitum, Sarangani sa nagdaang linggo. Dalawang araw na magkasunod umanong nagpapaikot-ikot ang limang helikopter sa lugar.

Mga Moro at Lumad ang nakatira sa erya na inooperasyon ng mga sundalo. Lumalaban ang mga komunidad sa

mapanira at mapandambong na pagmimina at malakihang operasyong pagtotrosong sumisira sa kalikasan.

Samantala, inianunsyo noong Hulyo 12 ng 5th ID ang pagbubuo nito ng isang panibagong task group para umano tuluyan nang wakasan ang “huling larangan” ng BHB sa Central Mindanao. Sasaklawin umano ng 500-kataong Task Force Bangis ang mga prubinsya ng Maguindanao, Sultan Kudarat, at South Cotabato. Kasalukuyang nakapakat rito ang 1st Mechanized IBde.

Sa nagdaang tatlong taon, hindi bababa sa 60 kaso ng mga paglabag sa karapatang-tao ang kinasangkutan ng mga sundalo ng AFP sa tatlong prubinsya.

### **Pamilyang Mangyan sa Mindoro, niratrat ng 4th IB at SAF, bata patay**

Hulyo 15, 2022

Pinaulanan ng bala ng mga elemento ng 4th IB at Special Action Force ng PNP ang isang bahay ng katutubong Mangyan Buhid na si Ginoong Inyab sa Sityo Tauga Daka, Barangay San Vicente, Roxas, Oriental Mindoro noong Hulyo 3 matapos silang nakaapak sa patibong para sa baboy. Napatay sa pamamaril ang isang bata.

Nagalit ang mga sundalo at pulis nang aksidenteng matapakan nila ang patibong o balatik na inilagay ni Inyab sa kanyang lupain. Ang mga balatik ay para sa panghuhuli ng baboy damo. Nasugatan ang mga sundalo at pulis na nakaapak sa mga patibong at nagwala.

Matapos ang insidente, pinalabas ng mga sundalo na naka-engkwentro nila ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa naturang barangay. Nakakuha pa diumano sila ng armalayt,

mga bala at magasin sa gawa-gawang sagupaan. Ipinakakalat pa nito sa social media ang larawan ng bangkay ng pinaslang na menor de edad at pinalabas na Pulang mandirigma para itago ang kanilang krimen.

Dagdag dito, ilegal na inaresto at dinala ng mga sundalo sa Sityo Hingin, Barangay Lisap, Bongabong si Inyab, kasama ang isang matandang babae at isang bata.

Kinundena ni Ka Madaay Gasic, tagapagsalita ng BHB-Mindoro, ang walang pakundangang pamamaril at pagpatay ng mga sundalo sa isang bata. Aniya, itutulak ng katulad na mga insidente ang mamamayang Mindoreño na lumaban at mag-armas para depensahan ang kanilang mga karapatan.

## **Pananalasa ng open-pit mining sa Davao Oriental, kinundena ng NDF-SMR**

Hulyo 16, 2022

Kinundena ng National Democratic Front-Southern Mindanao ang mga kumpanya ng open-pit at malawakang pagmimina, at ang pakikipagsabwatan ng lokal na mga gubyrno sa Davao Oriental sa mga ito, sa isang pahayag na inilabas nito noong Hulyo 12. Ang mga minahang ito ay matatagpuan sa Banaybanay at Mati City.

“Sa gitna ng serye ng mga natural at gawa-ng-taong sakuna na tumama sa Davao Oriental mula pa noong nakaraang taon, nakasusuklam ang patuloy na ginagawang pagtatakip ng lokal na naghaharing uri sa masasamang epekto ng open-pit at malawakang pagmimina,” ayon kay Rubi del Mundo, tagapagsalita ng NDF-SMR.

Inisni NDF-SMR sa mga operasyon ng Arc Nickle Resources, Austral Asia Link Mining Corporation at Hallmark Mining

Corporation ang polusyon at siltasyon (napupuno ng banlik) sa Mapaba River. Saklaw ng mga operasyon ng mga minahang ito ang 17,000 ektaryang nasa gitna at malapit sa dalawang deklaradong protektadong erya — ang Mt. Hamiguitan Wildlife Range (RA 9303) at Pujada Bay Protected Seascape and Landscape (Presidential Proclamation 431 at RA 7586). Ang Mt. Hamiguitan ay tirahan ng ilang malapit nang mawala na hayop tulad ng Philippine Eagle habang madalas namamataan sa Pujada Bay ang mga dugong.

Sinasabi ng lokal na guberno rito na hindi naman saklaw ng minahan ang dalawang protektadong lugar. Gayunpaman, apektado ng pagmimina ang kalidad ng tubig, hangin, biodiversity, mga rekurso at mga komunidad sa paligid nito. Ayon sa isang pananaliksik, hindi limitado at kumawala na sa kalupaang saklaw ng operasyon ang polusyong dala ng open-pit mining. Kita sa mga satellite image ang pagkakalbo ng kagubatan sa Mt. Hamiguitan at lubos na nitong nasira ang hugis ng kalupaan sa watershed. Dagdag dito, nasa Pacific Cordillera faultline ang mga minahan, at ang mga operasyon nito ang naging sanhi ng madalas na mga lindol sa lugar.

Dahil malapit ang mga minahan sa Pujada Bay, malaki ang posibilidad na ang mga basura (mine tailing) nito ay tatangayin tungo sa lugar na may mga coral reefs at sisira sa mga ito. Ibababa rin ng mga basurang kemikal ang kalidad na tubig sa dagat na papatay sa mga isda at iba pang hayop at pananim.

“(A)ng deka-dekadang pagmimina at kaakibat na operasyong pagtotroso sa Davao Oriental ay kumalbo sa mga gubat, naglason sa mga ilog, at dumiskaril sa mga komunidad ng mga magsasaka at Lumad at kanilang mga kabuhayan,” ayon kay del Mundo. Ang mga epekto (ng

pagmimina) ay random na ramdan ng mamamayan, laluna sa panahon ng malalakas na ulan at bagyo. Sa unang bahagi ng taon, matitinding bagyo, ulan, pagguho ng lupa at nakaaalarmang mga kaso ng pagtatae ang dinaas ng mga residente sa mga komunidad na ito. “Lalo pa itong pinalala ng palpak na tugon ng reaksyunaryong rehimen sa mga sakuna,” aniya.

Taliwas sa ipinagmamayabang ng mga kumpanya sa mina rito, hungkag ang nakuha nitong Free Prior Informed Consent mula sa mga katutubong Mandaya na nakatira sa lugar. Ang nagbigay nito ay isang pekeng konseho ng mga elders na itinayo ng kumpanya at hindi kinilala ng mayorya ng mga Mandaya.

Katangahan at iresponsable ang pagpapahintulot at pagbibigay-katwiran sa patuloy na mga operasyon ng pagmimina, ayon pa sa NDF-SMR. Binweltahan nito ang mga “apolohista (o tagapangatwiran) ng pagmimina” kabilang ang mga lokal na gubyerno at ahensya sa prubinsya. Matagal nang walang silbi ang sinasabi ng mga ito na “responsableng pagmimina” dahil ni minsan ay di nila naparusahan ang mga kumpanya sa pagtatapon ng mga ito ng nakalalasang basura sa mga ilog at dagat.

“Tanging ang rebolusyonaryong kilusan, sa pamamagitan ng Bagong Hukbong Bayan, ang konsistent na umaaksyon laban sa mga mapanirang kumpanyang ito,” ani del Mundo. Sa nakaraang mga taon, matagumpay itong nakapaglunsad ng punitibong mga aksyon laban sa mga operasyon ng mga minahan.

Nanawagan ang NDF-SMR sa mamamayan sa Davao Oriental na aktibong labanan ang open-pit na pagmimina sa prubinsya. “Tiyak na lalala ang kasalukuyang sosyo-ekonomikong krisis na pinatindi ng sunud-sunod na

sakunang dulot ng climate change kung hindi babaklasin ng isang malakas at malapad na nagkakaisang prente ang mga neoliberal na pakataran ng rehimen, laluna sa industriya ng pagmimina, na nagpapahintulot sa pagwasak sa ating kapaligiran at sa buhay at kabuhayan ng mamamayan.”

### **3 pangakong proyektong riles, nauwi sa panloloko**

Hulyo 17, 2022

Walang nangyari sa tatlong ipinangakong proyektong riles ni Rodrigo Duterte sa ilalim ng kanyang programang Build, Build, Build. Hanggang guni-guni lamang ang inabot ng paglalatatag ng sistema ng tren mula Calamba tungong Bicol, Tagum-Davao-Digos at Clark tungong Subic. Ang mga proyektong ito ay kabilang sa mga pambobola at pinagkunan ng “SOP” (kikbak) ni Duterte sa porma ng “advance payment” ng ginawaran ng mga kontrata nito bago at habang nakaupo siya bilang presidente.

Inamin ni Department of Transportaion Undersecretary Cesar Chavez noong Hulyo 15 na walang pondo ang naturang mga proyekto. “Ang totoo niyan sa usapang diretso, nagback-out ang China,” aniya. Pero ang mas diretso, hindi kailanman inaprubahan ng China ang aplikasyon ng Pilipinas na umutang para sa mga ito. Wala ring inilaan ang pambansang gubyrerno na badyet para sa mga ito.

Matagal nang “inaprubahan” ng National Economic and Development Authority ang tatlong proyekto. Nagsimula ang “negosasyon” sa mga pautang dito noong 2018 pero hanggang katapusan ng termino ni Duterte, walang naging tugon ang mga bangko.

Noong Enero, nagseremonya ang DoTr para magpirmahan kasama ang Philippine National Railways ang paglalatatag ng

riles mula Calamba tungong Daraga, Albay. Sa grandyosong proyektong ito, 230 tulay, 23 istasyon, 10 tunnel at isang 70-ektaryang depot ang itatayo sa halagang ₱142 bilyong utang. Ang kontrata para sa lahat ng ito ay ipinagkaloob sa tatlong kumpanyang Chinese (China Railway Group, China Railway No 3 Engineering Group, at China Railway Engineering Consulting Group).

Ang proyektong Tagum-Digos-Davao railway ay ipinagmayabang na unang phase sa mas ambisyosong Mindanao Railway Network na magdadala ng “pag-unlad” sa isla. Magsisimula ang proyekto sa Davao, kung saan nakaupo noon bilang mayor si Sara Duterte. Inilagay ang halaga nito sa ₱83 bilyon.

Samantala, ang kontrata para sa Subic-Clark Railway na nagkakahalaga ng ₱51 bilyon ay iginawad sa China Harbour Engineering Co. noon pang Disyembre 2020.

Inatasan diumano si Chavez ni dating Finance Secretary Carlos Domingo na iaatras ang mga aplikasyon para mangutang kung hindi ito tutugunan ng China hanggang Hunyo 30.

Sa kalakhan, 12 lamang sa pinagmayabang na 119 proyekto sa ilalim ng programang Build, Build, Build ang natuloy sa ilalim ng rehimeng Duterte. Ang malalaki, tulad ng New Clark City ay nasa “Phase I” pa lamang habang dalawa pa ay pawang mga proyektong “rehabilitasyon.”

## **9-puntong adyenda, binuo sa People’s Summit**

Hulyo 17, 2022

Ilandaang kinatawan ng mga progresibo at demokratikong organisasyon ang nagtipon sa isang bulwagan sa Quezon City Memorial Circle kahapon, Hulyo 16, para talakayin at

pagtibayin ang 9-puntong adyendang binuo ng People's Summit para magsulong ng tunay na pagbabago sa bansa.

Ito rin ang magiging listahan ng kanilang kahingian itutulak sa isasagawang kilos protesta sa araw ng state of the nation address ni Ferdinand Marcos Jr.

Ang People's Summit ay inorganisa ng grupong Ibon, Bagong Alyansang Makabayan (Bayan), Koalisyong Makabayan at Movement for Good Governance and Genuine Democracy, sa pakikipagtulungan sa iba pang mga organisasyon. Bago ang naturang aktibidad, nagkaroon ng kani-kanyang pagtitipon ang iba't ibang sektor upang lagumin ang kanilang mga kahingian.

Ayon sa mga organisasyon, ang People's Agenda ay gagamitin para pagkaisahin ang mamamayan at isulong ang kanilang karapatan at kagalingan. Sinaklaw ng 9-puntong adyenda ang kagyat na mga usapin sa sektor ng agrikultura, kalusugan at karapatang-tao.

Kabilang sa kanilang mga kahingian ang pagtugon sa sumisirit na presyo ng langis at mga bilingin, pagsusulong ng tunay na reporma sa lupa, pagwawakas sa kontraktwalisasyon at pagsasabatas ng pambansang minimum na sahod, suporta, ayuda at subsidyo sa mga magsasaka, libreng serbisyong sosyal at pambalikong kalusugan, pagtataguyod sa karapatang-tao, pagtatanggol sa pambansang soberanya at iba pa.

## **Maliliit na tindahan sa Carbon Public Market, dinemolis**

Hulyo 17, 2022



Sinugod sa Unit II ng Carbon Public Market at giniba ng mga tauhan ng lokal na gubyrerno ang mga tindahan sa Carbon Public Market sa Cebu City noong Hulyo 15. Kaugnay ito ng isasagawang pribatisasyon sa naturang palengke na pinangangasiwaan ng Megawide Construction Corporation katuwang ang lokal na gubyrerno.

Hindi bababa sa 80 pwesto ang dinemolis. Ayon sa mga manininda, walang ligal na batayan ang isinagawang demolisyon. Kinastigo rin nila ang anila'y walang-pusong pagwasak sa ilan nilang paninda.

Pinalilipat ng lokal na gubyrerno ang mga manininda sa palengkeng hindi pa tapos ang konstruksyon. Reklamo nila, kulang na kulang ang pasilidad sa naturang palengke. Ayon kay Erwin Goc-ong, presidente ng Cebu Market Vendors Development Cooperative (Cemvedco), ni wala pang kuryente sa naturang palengke. Isa ito sa mga dahilan kung bakit matagal na nilang hinihinging huwag silang idemolis. Anila, ni walang pintuan ang palengkeng paglilipatan kaya bulnerable sa nakaw ang kanilang paninda.

Ang demolisyon ay alinsunod sa inilabas na atas noong Hulyo 13 ng administrador ng palengke na si Wendell Cenas na nagpapalayas sa ng mga tindera at nangungupahan ng pwesto. Nagbigay ito ng palugit na limang araw.

Bilang tugon dito, nagpadala ng sulat ang mga abugado ng apektadong manininda sa upisina ni Cenas para kontrahin ang atas at sabihing walang ligal na batayan ang kautusan. Balak nilang sampahan ng kaso si Cena kung itutuloy niya ang demolisyon.

Wala pa ring pinal na resolusyon ang korte sa naunang isinagawang mga pag-uusap at negosasyon sa lokal na gubyrerno kaugnay ng pribatisasyon ng palengke.

Pinamumunuan ng grupong Carbonhanong Alyansa alang sa Reporma ug Bahandianong Ogma sa mga Nanginabuhi (CARBON) ang paglaban sa pribatisasyon simula pa nakaraang taon.

Isa sa mga usaping inihapag ng CARBON ang napakamahal na singil sa pwesto sa bagong palengke. “Sa night market pa lang kung saan sa daanan nagtitinda, umaabot na sa ₱600 ang renta mula alas-4 hanggang alas-10 ng gabi,” ayon sa grupo.

“Mamamayang Sugboanon, tulungan niyo kaming iligtas ang Carbon at pigilan ang pagpribatisa dito,” panawagan ng grupo. Dagdag nila, dapat igiit na panatilihing pampublikong serbisyo ang palengke at hindi pribadong negosyo.

Sakaling tuluyang maisakatuparan ang pribatisasyon, 12,000 manininda, at trabahador ang mawawalan ng pwesto. Liban dito, tinatayang 700 kabahayan ang idedemolis sa katabing Sityo Bato, Barangay Ermita na sasaklawin ng konstruksyon ng bagong mga gusali.

Nauna nang nagsagawa ng demolisyon ang lokal na gubyerno noong Setyembre 2021 kung saan 20 tindahan ang giniba.

## **Mga empleyado ng gubyerno, tutol sa “rightsizing” ni Marcos sa burukrasya**

Hulyo 17, 2022

Hindi naniniwala ang mga empleyado ng gubyerno na “rightsizing” ang tunay na pakay ng rehimeng Marcos Jr sa anunsyo nitong “paliitin” at gawing “mas epektibo” ang burukrasya ng pamahalaan. Ang planong ito ay isang pakanang neoliberal ng pagpapaliit ng “gubyerno” habang

binibigyan-laya ang mga pribadong kumpanya na patakbuhan ang malaking bahagi ng ekonomya. Magreresulta ito sa malawakang tanggalan at dislokasyon ng maraming empleyado at kontraktwalisasyon sa maraming tungkulin ng burukrasyang sibil.

Ayon sa isang pag-aaral, isa ang Pilipinas sa may pinakamababang bilang ng mga empleyado sa burukrasyang pampubliko kumpara sa bilang ng mamamayang pinagsisilbihan nito. “Hindi totoong bloated (bundat) ang burukasya ng ating gubyerno,” ayon sa grupong Courage.

Sinuhayan ang planong streamlining ng Department of Budget and Management at sinabing “makatitipid” ang gubyerno ng hanggang ₱14.8 bilyon kada taon kung gagawing “mas maliit” ang burukrasya. Tinatayang 2 milyong empleyado ang apektado ang pakana.

“Kaya sa aktwal ang gusto niya ay magtipid at para makatipid kunwari redundant kaya tatanggalan ng trabaho. Taliwas dito, ang mga empleyadong ito ay maraming taon nang nagsisilbi sa gubyerno,” pahayag ni Santiago Dasmariñas Jr, presidente ng Courage sa kanilang press conference noong Hulyo 17.

“At saan mapupunta ang natipid na yan?” tanong naman ni Manny Baglagon, secretary general ng grupo. “Nasa two-thirds (dalawang katlo ng badyet) ay napupunta sa pagbabayad sa lokal at dayuhang utang, sa korapsyon, pork barrel, NTF-ELCAC, at mga mambabatas na hindi naman dapat ganoon kalaki ang badyet, na nagpapatupad ng mga proyekto na di naman kailangan ng sambayanan.”

“Libu-libong pusisyon (sa gubyerno) ang bakante, daanlibong kontraktwal ang kailangan iregularisa at napakaraming mababang upisyal ng estado mula sa

pambansa hanggang sa lokal na antas ang kailangang bigyan ng makatarungang sahod,” ayon sa grupo. Ang tamang gawin ay bigyan sila ng pusisyon sa plantilya, katiyakan sa trabaho at disentang sahod.

Tutol rin ang Alliance of Concerned Teachers sa pakana. “Hindi totoong hindi maapektuhan ang mga titser at health care worker dahil mapupwersa silang bumalik sa mga trabahong maiiwan ng mga kawaning pansuporta at istap ng mga eskwelahan at health facility,” ayon kay Rep. Frances Castro. “Ang gagawin ng estado, kukuha ito ng parami nang paraming kontraktwal na hindi ituturing na mga kawani ng gubyrerno at hindi babayaran ng nararapat na sweldo at walang katiyakan sa trabaho.”

Mayroong 582,378 kontraktwal na manggagawa ang burukrasya sa huling bilang noong Agosto 2021. Kalakhan sa kanila ay nasa DPWH, DOH, DepEd, DENR at DSWD.

“Kung kailangan ng gubyrerno ng pera, singilin dapat ang ₱203 bilyon na utang ng pamilya Marcos sa sambayanan,” bwelta ni Castro. “Pwede ring isabatas agad ang wealth tax para sa mga super-yaman para makatulong ito ng mas malaki sa kaban ng bayan,” aniya.

## **Pang-ekonomyang panggigipit ng US kontra Russia, nagpapalala sa pandaigdigang krisis sa pagkain**

Hulyo 17, 2022

Bago pa man sumiklab ang gera sa Ukraine, nasa bingit na ng krisis sa pagkain ang mundo. Pinalala ito ng mga sangsyon sa ekonomya ng Russia, na makaisang panig na ipinataw ng US. Lumalakas ang panawagan mula sa iba’t ibang internasyunal na ahensya at mga sibikong organisasyon na

iatras ng US ang mga sangsyon para matugunan ang kasalatang ibinunga ng mga ito.

Apektado ng mga sangsyon ang buong mundo, kabilang ang malaking bahagi ng Asia, Africa, Middle East at halos lahat ng mga bansa sa Latin America na hindi sumasang-ayon at nagpasaklaw dito. Nagdurusa maging ang mamamayan sa loob ng mga bansang nagpatibay sa mga sangsyon. Ang mga bansang ito ay sila ring nagbubuhos ng pondo para armas na Ukraine at lalupang patagalin ang gera dito.

Tunay na salarin

Isinisisi ng US at mga alyado nito sa G7 na ang panggigipit ng Russia sa mga eksport ng Ukraine ang salarin ng pagsirit ng mga presyo ng pagkain sa buong mundo. Pero ayon sa Russia, wala itong ipinataw na mga sangsyon sa eksport ng Ukraine. Katunayan, sumang-ayon ito sa hiling ng United Nations na bigyang-daan ang pagbyahe ng mga barko na nagdadala ng mga eksport na butil ng Ukraine sa daungan sa Black Sea na kontrolado ng Russia. Ang problema, tadtad ng mga bombang inilagay ng Ukraine ang karagatan (sea mine), kaya kahit ang sarili nitong mga barko ay di nakalalayag.

Sa aktwal, ang mas masasaklaw at mahihigpit na sangsyon ng US laban sa Russia ang nagpapatindi sa pandaigdigang krisis sa pagkain. Umaabot sa 11,000 indibidwal na mga sangsyon ang nakapataw ngayon sa bansa. Target ng mga ito ang galaw ng perang ruble at kalakalan, mga bangko at kumpanyang Russian, produksyon at pag-eksport ng langis at natural gas, malalawak na mga sakahan, operasyon ng mga barko, eroplano, trak at iba pang paraan ng transportasyon, sektor ng teknolohiya at maging ang midya ng bansa. Itinuturing ng Russia ang mga ito bilang direktang atake at deklarasyon ng gera ng US laban sa mamamayang Russian.

Kahit di direktang pinatawan ng mga sangsyon ang mga produktong pang-agrikultura, mayroon itong “domino effect” (o epekto sa ibang larangan ng kalakalan). Katunayan, ginigipit ang Russia sa pagluluwas ng kahit anong produkto. Hindi nito naipapadala ang mga produktong eksport kahit sa mga bansang hindi sumang-ayon sa mga sangsyon.

### Mayor na eksporter sa agrikultura

Ang Russia ang isa sa pinakamalaking eksporter ng produktong pagkain. Ang inieksport nitong trigo (panggawa ng harina) ay pinakamalaki sa buong mundo at tatlong beses na mas malaki (18%) kumpara sa inieksport ng Ukraine (7%). Trigo ang pinakamalaking agrikultural na eksport sa buong mundo, kasunod ang mais. Ayon sa UN, 36 bansa ang nag-iimport ng mahigit 50% ng kanilang trigo mula sa Russia at Ukraine.

Higit dito, mahigit 20% ng pandaigdigang suplay ng pataba ay nagmumula sa Russia (15.4%) at Belarus (5%), na pinatawan din ng mga sangsyon ng US. Ang Russia ang nagsusuplay nang hanggang 40% ng potash at iba pang patabang nakabase sa nitrogen. Tumataas na ang presyo ng mga ito bago pa ang gera sa Ukraine dulot ng pagsirit ng presyo ng langis. Lalo pa itong sumirit dulot ng mga sangsyon sa dalawang bansa.

Ang paghigpit ng suplay at kalakalan ng pataba ay itinuturing ng marami bilang “pinakamalaking banta sa sistema ng pagkain.” Ito ay dahil apektado nito ang lahat ng mga magsasaka. “Ibababa nito ang produksyon ng lahat ng pagkain, hindi lamang ng trigo,” ayon sa mga mananaliksik sa International Food Policy Research Institute.

Ibangkarote rin nito ang maraming magsasaka, laluna sa

atrasadong mga bansa, dulot ng nagtataasang presyo ng natitirang pataba sa pamilihan.

Paglala ng kasalatan at pagtaas ng cost of living

Ngayon pa lamang, naghihigpit na ang mga mayor na eksporter ng pagkain para tiyakin ang kani-kanilang lokal na suplay. Noong Mayo, huminto nang magluwas ng trigo at asukal ang India. Noong Abril, nag-anunsyo na ang Indonesia na hindi muna ito mag-eeksport ng palm oil. (Sa Indonesia nagmumula ang 60% ng suplay ng palm oil sa buong mundo.) Pinabagal kahit ng Russia ang eksport nito ng pagkain sa mga karatig-bansa para pangalagaan ang lokal na suplay.

Higit na mararamdaman ang epekto ng mga sangsyon sa susunod na mga anihan. Maraming magsasaka ang magbabawas ng produksyon habang bumababa ang suplay at tumataas ang presyo ng mga pataba. Sa Brazil, tumaas ang presyo ng potash mula \$325 kada tonelada noong Disyembre 2021 tungong \$1,125 kada tonelada noong Marso. Dahil dito, napilitan ang maraming maliliit na magsasaka na ilimita ang pagtatanim. Nangamba rin ang malalaking sakahan na hindi nila maabot ang target na produksyon dahil nakaasa ang kanilang ani sa paggamit ng pataba.

Samantala, mahaharap sa tumataas na gastos sa pamumuhay ang mamamayan sa mga industriyalisadong bansa dulot ng pagsirit ng presyo ng langis at pagkain. Tinatayang aabot sa 20% ang implasyon sa pagkain sa susunod na taon sa United Kingdom. Pumalo naman sa mga “makasaysayang pagtaas” ang implasyon sa pagkain sa US (10.4%), France (6.4%), Japan (4.7%) at Germany (12.7%).

## Pagpaslang ng militar sa batang Mangyan-Buhid, kinundena ng NDFP

Hulyo 18, 2022

Kinundena ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ang kasuklam-suklam na pagpatay ng 4th IB at 2nd Provincial Mobile Force Company ng Philippine National Police sa isang batang Mangyan-Buhid sa Sityo Tauga Daka, Barangay San Vicente, Roxas, Oriental Mindoro noong Hulyo 3.

Nasawi ang bata matapos paulanan ng bala ng mga sundalo at pulis ang bahay ni G. Inyab, isang katutubong Mangyan-Buhid sa naturang sityo. Niratrat ng mga ito ang bahay matapos aksidenteng makatapak sa mga patibong para sa baboy-ramo ang tropa nila habang naglalakad sa lupain ni G. Inyab. Para pagtakpan ang krimen, pinalalabas ng mga sundalo na ang bata ay napaslang sa isang armadong engkwentro.

Nanawagan ng hustisya si Ka Coni Ledesma, pinuno ng Special Office for the Protection of Children ng NDFP, para sa batang biktima at kanyang pamilya, gayundin ang mahigpit na pagsunod ng mga pasistang sundalo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at pulis sa internasyunal na makataong batas. Ayon pa sa kanya, dapat bigyan ng indemnipikasyon ng mga sundalo ang pamilya ng biktima bilang kabayaran sa pinsalang idinulot nila.

Iginiit din ni Ledesma at ng NDFP na dapat kagyat na palayain sina G. Inyab, isang matandang babae at bata na dinukot at ikinulong ng mga sundalo matapos ang insidente.

Hindi na bago ang paglabag sa karapatan ng bata ng armadong pwersa ng estado.



Noong Pebrero 8, dalawang batang, edad 9-anyos at 12-anyos, ang napaslang sa pamamaril ng 20th IB sa Barangay Roxas, Catubig, Northern Samar. Nasugatan din sa insidente ang isa pang bata.

Noong Abril, tinugis ng mahigit 100 elemento ng AFP ang 2-buwang sanggol at 2-taong gulang na bata na pinaratangan nilang mga anak ng mga Pulang mandirigma sa mga sityo ng Malikoliko at Cunalom sa Barangay Carabalan at sa Sityo Tigbao sa Barangay Buenavista, Himamaylan City, Negros Occidental.

## **Mga biktima ng baha sa Quezon City, naigiit ang ayuda**

Hulyo 20, 2022

Mahigit 40 residente ng Barangay Tatalon sa Quezon City ang nakatanggap ng ayuda mula sa lokal na gubyrno matapos na sama-sama silang nagpahayag ng kanilang hinaing sa kawalang tulong sa gitna ng malakas na ulan at pagbaha sa kanilang barangay noong Hulyo 16. Natanggap ng mga pamilya ang ayuda kahapon, Hulyo 19.

Pero ayon sa grupong Pinagkaisang Lakas ng Mamamayan (PLM)-Tatalon, bagamat ikinagagalak nila ang pagtugon ng lokal na gubyrno, kulang na kulang ito dahil mahigit 800 na pamilya pa ang nabiktima ng baha at nangangailangan ng ayudang pangkagipitan.

Kaugnay nito, binigyang-diin nila na dapat kumilos din ang Department of Social Welfare and Development (DSWD) sa pamimigay ng kagyat na ayuda at tulong sa kanila.

Naghihintay ang mga biktima sa tulong na ibibigay ng DSWD matapos itong mangako ng ayuda nang makipagdayalogo sa

mga apektadong residente noong Hulyo 18. Sa kilos-protesta sa harap ng opisina ng DSWD sa Batasan, Quezon City noong araw na iyon, inihayag ng mga maralita na karamihan sa kanilang mga gamit kabilang ang pagkain, damit at mga kasangkapan sa bahay ay natangay o nasira ng baha. Daing nila na napakabagal ng tugon ng gobyerno sa kanilang pangangailangan.

Ayon din sa PLM-Tatalon, ang pana-panahong malalang pagbaha sa komunidad ay dulot na rin ng kawalan ng proyekto ng gobyerno para sa disente, abot-kaya, at pangmasang paninirahan para sa maralita.

Sa panayam ng midya kay Myrna Casiao, 74 anyos na residente ng barangay na lumahok sa rali, sinabi niyang halos walang natira sa kanyang gamit.

“Nanghihina ako, wala nagbibigay ng pagkain. Antay ako nang antay, baka maabutan kahit tsaa,” sabi ni Casiao.

Nakiisa at lumahok din sa protesta ang sentrong samahan ng maralita na Kalipunan ng Damayang Mahihirap (Kadamay). Samantala, umagapay at nagtayo ng isang community kitchen ang Tatalon Women’s Association at Lingap Gabriela para makatulong sa apektadong mga residente.

Aabot sa 900-1200 pamilya ang bilang ng naapektuhan ng mga pagbaha sa barangay.

Taun-taon, dumaranas ng papatinding pagbaha ang mga residente sa Metro Manila sa kabila ng bilyung-bilyong pondo na kunwa’y ibinubuhos sa mga proyektong kontra-baha (flood control) ng magkakasunod na rehimen.

## Spyware na Pegasus, natagpuan sa mga selpon ng mga aktibista sa Thailand

Hulyo 20, 2022

Inilathala noong Hulyo 18 ng Amnesty International ang isang ulat kaugnay sa presensya ng spyware na Pegasus sa mga selpon ng kilalang mga aktibistang Thai. Natuklasang minanmanan ang naturang mga selpon sa kasagsagan ng malalaking rali noong 2020 hanggang 2021.

Ang ulat ay hango sa imbestigasyon ng iLaw, isang NGO sa Thailand at ng mga institusyong Digital Reach at Citizen Lab. Nakita sa sinuring 30 selpon ang spyware na Pegasus, na sinasabing pinakasopistikadong armas sa cyber-espionage (paniniktik sa internet). Hinuha ng mga nagsiyasat na ginamit ito para tiktikan ang online na mga aktibidad ng mga aktibista, imonitor ang mga protesta at tuntunin ang nagpopondo ng mga kilos protesta.

Ano ang spyware na Pegasus?

Ang Pegasus ay isang spyware o aplikasyon sa selpon na gawa ng kumpanyang NSO Group ng Israel. Isa itong pribadong produkto na ibinibenta lamang sa mga gubyrerno sang-ayon sa pahintulot ng gubyrernong Israel. Maari nitong pasukin ang isang gadget (sa kaso ng mga aktibistang Thai, mga iPhone) nang hindi nalalaman ng may-ari. Kapag naka-install na, kaya na nitong kunin lahat ng nilalaman ng selpon. Maaari na nitong makita, kopyahin at kahit baguhin ang lahat ng datos na nasa loob nito, kabilang ang mga litrato, bidyo, text at rekord ng mga tawag. Maaari rin nitong buksan ang microphone at camera para manmanan ang nasa paligid ng may-hawak ng selpon at pakinggan ang mga usapan sa malapit dito.

Kilala ang Pegasus sa teknolohiyang “zero-click.” Ibig sabihin, walang kailangang gawin ang may-ari ng selpon para mag-install ang spyware sa selpon (hindi tulad sa ordinaryong mga virus o malware). Walang kinakailangang aksyon mula sa gumagamit ng selpon, at sa gayon ay hindi niya malalaman na pinasok na pala ang selpon niya. Maaari rin itong tahimik na burahin ng Pegasus pagkatapos makuha ang lahat ng data. Natutukoy lamang ang presensya niyo pagkatapos magamit, at sa pamamagitan ng espesyal na pag-aanalisa sa internal na mga proseso ng selpon. Sa partikular, makikita sa selpon ang mga dinugtungan nitong server na kontrolado ng NSO.

Saan ito ginagamit?

Ginagamit ang Pegasus laban sa mga aktibista at mga tinagurian ng mga tiranikong guberno bilang banta sa kanilang paghahari. Sa Thailand, ginamit ito laban sa kilusang demokratiko na naggiit na ireporma ang monarkiya at ang burukrasyang sibil ng bansa.

Sa ibang bansa, ginamit na ito laban sa mga tagapagtanggol ng karapatang-tao, mamamahayag at mga abugado.

Noong Hulyo 18, 2021, inilabas ng Amnesty International ang Pegasus Project, isang pagsusuri na pinagtulungan ng 17 organisasyon ng midya sa 10 bansa. Natuklasan nila ang paggamit ng Pegasus para iligal na manmanan ang aktibidad ng mga selpon ng daan-daang mga aktibista, tagapagtanggol ng karapatang-tao, mamamahayag at mga abugado sa iba't ibang bansa. Labag ito sa karapatan sa pribasiya, at higit pa, ang karapatan sa malayang pagpapahayag, pagbibigay ng upinyon, pagbubuo ng mga asosasyon at grupo at mapayapang pagtitipon.

Isang taon matapos ang unang proyekto, patuloy na namamayagpag ang paggamit ng mga mapaniil na estado sa Pegasus. Sa kasalukuyan, mayroong bukas na mga imbestigasyon kaugnay dito sa France, India, Mexico, Poland at Spain.

Sa US, kunwa'y inilagay ng gubyernong Biden ang NSO Group sa "Entity List," isang listahan ng mga kumpanyang "nagsasagawa ng mga aktibidad na taliwas sa pambansang seguridad at interes sa ibayong dagat." Pero imbes na itulak ang hindi paggamit ng Pegasus, tinangka itong ipabili sa L3Harris, isang pribadong kontraktor ng US Army.

## **Gamot laban sa Alzheimer, pinaunlad sa Cuba**

Hulyo 22, 2022

Inianunsyo ng Cuba noong Hulyo 20 na papasok na sa Phase III ng clinical trial ang gamot na NeuroEPO (komersyal na pangalan: NeuralCIM), ang gamot na pinaunlad sa Cuba laban sa sakit na Alzheimer's. Sisimulan ang trial sa Setyembre o Oktubre sa mga pasyenteng dumaranas ng mild o moderate (hindi malalang sintomas) na Alzheimer.

Ayon sa resulta sa naunang mga trial, higit na positibo ang epekto ng gamot sa cognition (pagkilala) at paggalaw ng mga pasyente. Ang Alzheimer ay isang neurodegenerative na sakit na sanhi ng hanggang 70% ng mga kaso ng demensya o pagiging malilimutin. Madalas itong sakit habang tumatanda ang isang tao.

Isasagawa ang mga pagsusubok sa gitna ng mahihigpit na sangsyon ng US laban sa Cuba, na sumasaklaw sa mga gamot at produktong medikal. Sa kabilang banda, handa ang Cuba na ibahagi sa anumang bansa ang teknolohiya sa pagmanupaktura ng gamot para sa kapakinabangan ng lahat.

Ang gamot na Neuro EPO ay nabibilang sa mga pag-abanteng medikal ng Cuba kaugnay sa paggamot sa mga sakit na Parkinson, dementia, epilepsy, ataxia at dystonia.

Isinasagawa ang pananaliksik at pagpapaunlad ng mga gamot sa International Center for Neurological Restoration o CIREN, ang espesyalisadong institusyon ng bansa na nagsasagawa rin ng mga pananaliksik sa utak.

Sa nakaraang mga taon, matagumpay rin ang Cuba sa pagsagawa ng neurotransplantation, isang operasyon na gumagamot sa mga pasyenteng may Parkinsons. Ilan pa sa matitingkad na nakamit ng Cuba sa larangan ng medisina ang gamot laban sa AIDS, bakuna laban sa lung cancer at laban sa Covid-19.

Sa Pilipinas, mahigit 2,000 katao o tatlo sa bawat 100,000 ang namatay dulot ng Alzheimers at Parkinsons noong 2020.

## **Kampanyang ML50, inilunsad**

Hulyo 22, 2022

Inilunsad ng mga biktima ng batas militar, beterano at bagong aktibista, kasama ang mga demokratikong organisasyon, ang kampanyang ML50 bilang paggunita sa ika-50 taon ng madidilim na araw ng batas militar sa ilalim ng diktadurang US-Marcos I. Panawagan nila ang ipagtanggol sa katotohanan at kasaysayan, gayundin ang patuloy na igiit ng hustisya para sa mga biktima sa ilalim ng paghahari ng anak ng diktador na hindi kailanman kumilala sa mga krimen at pang-aabuso ng kanyang ama.

Nagtipon sila sa Quezon City Sports Club noong Hulyo 21.

Ayon sa mga organisador, sisimulan ng kampanya ang malaganap na kilusang impormasyon, edukasyon at

pangkultura tungo sa pagbubuo ng isang pambansang network ng mga grupo at indibidwal para labanan at ituwid ang lahat ng pambabaluktot at rebisyon sa kasaysayan.

Kabilang sa mga nagbahagi ng kanilang mga karanasan sa ilalim ng diktadura at nakiisa sa kampanya sina Judy Taguiwalo, Sr. Mary John Mananzan, Atty. Neri Colmenares at mga dating senador na sina Kiko Pangilinan, at Leila de Lima.

“Hindi kailanman naging “golden era” ang panahon ng mga Marcos,” anila. “Lubhang mahalaga at kagyat na mahubaran ito ng maskara at maitampok ang masasakit na aral sa harap ng nagpapatuloy na disimpormasyon at pambabaluktot sa kasaysayan na may basbas ng gubyrerno.”

Nagbahagi rin ng kanyang karanasan ang batikang direktor na si Joel Lamangan na nangakong gagawa ng pelikula para tapatan ang pambabaluktot ng mga Marcos sa pelikulang “Maid in Malacanang.”

“Pelikulang katarantaduhan,” ang tawag niya sa pelikulang gawa ni Darryl Yap na nagsasalaysay sa huling 72 oras ng pamilya Marcos mula sa “mata ng mga Marcos” bago sila tumalilis patungong Hawaii. “Lahat ng nasa sining, dulaan, at pelikula, dapat magsilbi sa interes ng ating mamamayan. Huwag tayo sumali sa nagtatakip sa katotohanan,” panawagan niya sa mga alagad ng sining.

Ayon naman kay Taguiwalo, kailangang pangunahan ng kabataan ang laban. “Nirarayuma na kami at marami na kaming sakit,” aniya. “Ipagpatuloy ninyo ang laban.”

Habang isinasagawa ang pagtitipon, dinagsa ng mga pulis ang tarangkahan ng Quezon City Sports Club sa tangkang sindakin ang mga aktibista. Lumabas ang mga nagtipon para kumprontahin ang mga pulis.

## Mga grupong pangkalikasan, residente, tutol sa planong pambobomba ng AFP sa Northern Negros

Hulyo 22, 2022

Tutol ang mga grupong pangkalikasan at residente ng bayan ng Calatrava sa planong pambobomba ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa bahagi ng Mandalagan Mountain Range sa Barangay Minapasuk, Calatrava, Negros Occidental. Sa isang panayam sa midya, kinumpirma ng 303rd IBde noong Hulyo 21 na plano nitong magsagawa ng aerial bombing sa naturang lugar.

Ayon sa Kalikasan People's Network for the Environment, ang Northern Negros Natural Park na bahagi ng Mandalagan Mountain Range, ay isang protektadong erya at tirahan ng ilampung endangered species ng mga hayop at halaman. Ito rin ang pinagkukunan ng malinis na tubig ng maraming bayan sa hilagang Negros Occidental.

“Ang plano ng militar na bombahin ang lugar ay hindi lang banta sa buhay ng mamamayang naninirahan sa erya..., kundi lubhang makasisira sa kalikasan,” ayon sa grupo.

Iniulat ng mga residente na sapilitan silang pinalilikas sa mga komunidad para sa planong pambobomba. Kabilang sa mga sapiltang pinalikas ng mga sundalo ang mga residente ng mga sityo ng Tinibiangan, Ekogan, Nabaisan, Calanugan, Victory at Yamingon. Plano ng militar na ideklarang “no man's land” ang erya. Dahil dito, hindi mapakali sa takot ang mga sibilyan at residente.

Pinalalabas ng AFP na ang kampanyang militar ay bahagi ng kanilang “pagtugis” sa diumano'y nakaengkwentrong yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa barangay noong huling linggo ng Hunyo. Walang kaabog-abog pang idineklara ni



Brigadier General Innocencio Pasaporte ng 303rd IBde na “gagamitin ng isang kumander ang kahit anong rekursong mayroon para maisakatuparan ang misyon.”

Kaugnay nito, nanawagan ang BHB sa mamamayan ng Barangay Minapasuk, mga lokal na upisyal nito, at mamamayan ng Negros na manindigan laban sa planong nakasisindak at mapanirang pambobomba.

Simula 2017, sa udyok ng US, ginagamit ng AFP ang pambobomba mula sa ere laban sa BHB. Hindi bababa sa 591 bomba ang ibinagsak nito para patamaan ang BHB pero mas mababa sa 18.44% lamang nito ang tumama sa mga kampo ng NPA. Ang mga ginagamit na bomba at eroplano ay pawang mula sa mga kumpanyang Amerikano.

Samantala binigyan-diin naman ni Ka Juanito Magbanua, tagapagsalita ng BHB sa isla ng Negros, na dagdag pasakit ang pasistang paninibasib sa mamamayang Negrosanon sa panahon ng Tiempo Muerto (patay na panahon sa pagtanim) na nararanasan sa isla.

Ayon kay Magbanua, nagdudulot ito ng lubhang kagutuman, kawalan ng trabaho at paghihirap, at ang gubyerno ay may “kapal pa ng mukha na lustayin ang milyun-milyong pondo ng bayan sa walang-saysay na pambobomba.”

## **NDFP Negotiating Panel interim chair Julieta de Lima: “No basis yet for resuming GRP-NDFP peace negotiations**

Hulyo 23, 2022

(Utrecht, The Netherlands) – NDFP peace panel Interim Chairperson Julie de Lima stressed in a recent interview that there is yet no basis for the resumption of the GRP-NDFP

peace negotiations in reply to the Marcos II government's pronouncements that there will be no more peace talks with the NDFP.

"All the issuances of Duterte for preventing peace negotiations (his proclamation terminating these peace negotiations and designating the CPP, NPA and NDFP as "terrorist" organizations and the Anti-Terrorism-Act) continue to be enforced by the Marcos II regime. So far Marcos II wants to continue Duterte's all-out war policy and the revolutionary movement has no choice but to fight the counterrevolution," De Lima said.

De Lima, who took over the chairmanship of the NDFP peace negotiating panel from Fidel Agcaoili who passed away in 2021, also said ceasefire first and the laying down of arms for talks to resume are stupid suggestions.

"Why should the CPP and NPA lay down their arms or surrender without having peace negotiations first and without satisfying the people's just and reasonable demands for full national independence, democracy, social justice, economic development through genuine land reform and national industrialization, expansion of social services, cultural progress and independent foreign policy," De Lima emphasized.

Localized peace talks?

De Lima also lambasted so-called localized peace talks, which she said, have long been discredited as a failed dirty trick used by the GRP during the 1986 ceasefire talks and also during the time of the National Unification Commission under Haydee Yorac in 1992 when Ramos tried from 1992 to 1995 to evade the application of the The Hague Joint Declaration of 1992.

“It is a stupid idea of Duterte and Marcos that they can divide and destroy the revolutionary movement by talking only with individuals, small groups and small parts of the revolutionary movement in violation of revolutionary discipline and at grave risks to their lives, limbs and liberty. These “localized peace talks” are actually tricks of entrapment, deception, surrender and violation of revolutionary principles,” De Lima stressed.

Peace talks accomplishments?

De Lima said the GRP-NDFP peace talks have produced only one substantive comprehensive agreement, the Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law of 1998, because every regime – from Ramos to the Duterte regime, has prevented the mutual signing and approval of the Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms, the Comprehensive Agreement on Political and Constitutional Reforms and the Comprehensive Agreement on ending the armed conflict and redeployment of the warring forces.

“Every GRP regime has been obsessed with trying to cause the surrender or destruction of the revolutionary movement, frustration of the people’s demands for national independence and democracy and preservation of the semicolonial and semifeudal ruling system of oppression and exploitation by US imperialism, domestic feudalism and bureaucrat capitalism,” she further said.

Way forward for the GRP-NDFP peace talks?

If it wants peace negotiations with the NDFP, the Marcos II regime has to do away with the obstacles to peace negotiations put up by Duterte, De Lima pointed out.

“As of now, the NDFP and all its allied forces have no choice but to wage the people’s democratic revolution through protracted people’s war against the hell-bent obsession of the GRP to destroy the revolutionary movement and preserve the unjust, oppressive and exploitative ruling system,” De Lima stated.

Many observers have commented, De Lima said, that the NPA must be able to deliver hard effective blows in order to persuade the GRP to consider peace negotiations as a serious option. The broad masses of the people and entire revolutionary movement must take advantage of the rapid worsening of so many crises of the ruling system in order to strengthen and advance the revolution.

#### NDFP call to peace advocates

De Lima called on peace advocates and the people’s organizations to continue advocating and demanding that the GRP and NDFP build further on the mutual agreements already made on respect for human rights and international humanitarian law, and to counter those reactionaries who wish nothing else but the surrender or destruction of the revolutionary movement of the people and the preservation of the unjust ruling system of the big compradors, landlords and corrupt bureaucrats who are bound by their own greed for power and wealth and subservience to foreign monopoly capitalism. (NDFP International Information Office)

---

Interview with NDFP peace panel Interim Chairperson Julie De Lima on the prospects of peace talks under the Marcos II regime and beyond

1.The NDFP through its Chief Political Consultant, Prof. Jose Maria Sison, has stated that it will talk peace with any

president of the GRP. So it seems you are willing to hold peace negotiations with the BBM government. But the BBM government has said “no more peace talks with the CPP-NPA-NDFP”. What can you say to this?

Julie de Lima (JdeL): So far the former officials of the Duterte regime and the current officials of the Marcos II regime have been engaged in propaganda against the peace negotiations between the duly-authorized representatives of the NDFP with those of the GRP. There is yet no basis for the resumption of the GRP-NDFP peace negotiations.

All the issuances of Duterte for preventing peace negotiations (his proclamation terminating these peace negotiation and designating the CPP, NPA and NDFP as “terrorist” organizations and the Anti-Terrorism-Act) continue to be enforced by the Marcos II regime. So far Marcos II wants to continue Duterte’s all-out war policy and the revolutionary movement has no choice but to fight the counterrevolution.

2.What can you say about precondition being floated of having a nationwide ceasefire before talks are held? Now there is a call for the NDFP to lay down their arms before talks are held? Isn’t that tantamount to surrender?

JdeL: All these suggestions are stupid. There can be no nationwide ceasefire without any prior discussions and conditions for it. Why should the CPP and NPA lay down their arms or surrender without having peace negotiations first and without satisfying the people’s just and reasonable demands for full national independence, democracy, social justice, economic development through genuine land reform and national industrialization, expansion of social services, cultural progress and independent foreign policy.

3.What is your take on localized peace talks which is forever being pushed by the GRP?

JdeL: So-called localized peace talks have long been discredited as a dirty trick used by the GRP during the 1986 ceasefire talks and also during the time of the National Unification Commission under Haydee Yorac in 1992.when Ramos tried from 1992 to 1995 to evade the application of the The Hague Joint Declaration of 1992. Localized peace talks so-called have long been a failed dirty trick of the GRP war hawks.

The dirty trick of the GRP has been to entice the NPA and other revolutionaries to talk in the Philippines under the close surveillance of the GRP military and then ask them to surrender with false promises or they are simply arrested and detained on trumped-up criminal charges . Those who fall for the bait, including their friends and relatives, are subjected to surveillance and repressive actions by the military and police.

4.What have the peace talks accomplished aside from what is perceived by the general public as procedural agreements? How did the past talks benefit the people if there were any?

JdeL: The GRP-NDFP never went beyond only one substantive comprehensive agreement, the Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law of 1998. Every GRP regime from Ramos to the Duterte regime has prevented the mutual signing and approval of the Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms, the Comprehensive Agreement on Political and Constitutional Reforms and the Comprehensive Agreement on ending the armed conflict and redeployment of the warring forces.

So far, every GRP regime has been obsessed with trying to cause the surrender or destruction of the revolutionary movement, frustration of the people's demands for national independence and democracy and preservation of the semicolonial and semifeudal ruling system of oppression and exploitation by US imperialism, domestic feudalism and bureaucrat capitalism.

5. What are the obstacles to achieving successful negotiations? How can these be overcome?

Jdel: I have pointed out the concrete obstacles to the peace negotiations, such as Duterte's issuances to prevent peace negotiations and the repeated statements of the past officials of the Duterte regime and the current officials of the Marcos II to prevent peace negotiations between the duly-authorized representatives of the NDFP with the GRP representatives at the national level.

It is a stupid idea of Duterte and Marcos that they can divide and destroy the revolutionary movement by talking only with individuals, small groups and small parts of the revolutionary movement in violation of revolutionary discipline and at grave risks to their lives, limbs and liberty. These "localized peace talks" are actually tricks of entrapment, deception, surrender and violation of revolutionary principles.

6. What can the other side do to overcome such obstacles?

Jdel: The GRP has not yet shown any desire to do away with the obstacles put up by Duterte since November 23, 2017. If it wants peace negotiations with the NDFP, the Marcos II regime has to do away with the obstacles to peace negotiations put up by Duterte.

As of now, the NDFP and all its allied forces have no choice but to wage the people's democratic revolution through protracted people's war against the hell-bent obsession of the GRP to destroy the revolutionary movement and preserve the unjust, oppressive and exploitative ruling system.

Many observers have commented that the NPA must be able to deliver hard effective blows in order to persuade the GRP to consider peace negotiations as a serious option. The broad masses of the people and entire revolutionary movement must take advantage of the rapid worsening of so many crises of the ruling system in order to strengthen and advance the revolution.

7. What actions can be taken by the peace advocates and the people's organizations to make a just lasting peace the people's agenda?

Jdel: The peace advocates and the people's organizations can continue advocating and demanding that the GRP and NDFP build further on the mutual agreements already made on respect for human rights and international humanitarian law and to make the second comprehensive agreement on social and economic reforms, the third one on political and constitutional reforms and the fourth one on the final terms of realizing a just and durable peace.

They must counter those reactionaries who wish nothing else but the surrender or destruction of the revolutionary movement of the people and the preservation of the unjust ruling system of the big compradors, landlords and corrupt bureaucrats who are bound by their own greed for power and wealth and subservience to foreign monopoly capitalism.##



## Libu-libong mamamayan nagprotesta sa araw ng unang SONA ni Marcos Jr

Hulyo 26, 2022

Inulat ng grupong Bayan na umabot sa 8,000 katao ang nagmartsa kahapon sa kahabaan ng Commonwealth Avenue para ipahayag ang tunay na kalagayan ng bayan kasabay ng unang State of the Nation Address (SONA) ni Ferdinand Marcos Jr. Hindi natinag ang delegasyon ng mga pambansa-demokratikong organisasyon sa kabila ng makailang-ulit na paninindak, panggigipit at ala-batas militar na mga patarakan ng rehimeng Marcos.

Pangunahing iginiit sa protesta ang pagbibigay ng pansin sa papabulusok na sosyo-ekonomikong kalagayan ng mamamayan sa harap ng sumisirit na presyo ng langis, pagkain at batayang mga bilihin. Bitbit ng mga grupo ang malaking balatenggang may panawagang: 'Krisis wakasan! Ipaglaban ang lupa, sahod, trabaho at karapatan!'

Iginiit din ng Bayan ang kagyat na pagtugon ng gubyrerno sa 9-puntong adyenda ng mamamayan sa harap ng umiigting na krisis:

1. Tugunan ang implasyon at kaltasan ang buwis ng mga konsyumer
2. Pasikarin ang agrikultura at bigyang prayoridad ang produksyon ng pagkain
3. Gawing pundasyon ng makamamamayang pagpapaunlad ng ekonomya ang reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon
4. Gawing susing tunguhin ng gubyrerno ng Pilipinas ang pagtatanggol at pagtataguyod sa karapatang-tao

5. Magpatupad ng malinaw na patakaran ang gubyerno para labanan ang disimpormasyon, pangalagaan ang kalayaan sa pagpapahayag at pamamahayag
6. Pagtibayin ang demokratiko, ethical at may pananagutang paggugubyerno
7. Magbigay ng libreng serbisyong pangkalusugan at batayang serbisyong sosyal sa mamamayan sa paglalaan ng pondo para rito
8. Itaguyod ang pambansang soberanya at nagsasariling patakarang panlabas
9. Tiyakin ang pangangalaga sa kalikasan, rehabilitasyon at balansyadong paggamit sa likas na yaman ng bansa

Kinundena rin ng Bayan ang “overkill” o labis-labis na na paghahanda at pagparada ng mga pulis sa unang SONA. Ayon sa kanila, malaking kasayangan sa pondo ng bayan at buwis ng mga Pilipino ang palabas na ito ni Marcos Jr.

Lumahok sa naturang protesta ang delegasyon ng mga progresibong grupo mula sa Southern Tagalog. Nagkaraban sila tungong Metro Manila noong Hulyo 24 at nagpiket sa konsulado ng China sa Makati, pambansang upisina ng Petron at iba pang lugar. Sumama rin sa martsa ang mga progresibong organisasyon mula sa Central Luzon.

Kontra-SONAng mga protesta rin ang inilunsad ng mga demokratikong organisasyon sa mga syudad ng Baguio, Naga, Bacolod, Iloilo, Kalibo, Davao City at General Santos.

Samantala, inaresto at ikinulong ng mga pulis ang dalawang kabataang Lumad na lumahok sa protesta sa Davao City sa gawa-gawang mga kaso.

Ipinarinig naman ng mga migranteng Pilipino ang kanilang nagkakaisang pagtutol sa anti-mamamayan at anti-mahirap na mga patakaran ng rehimeng Marcos. Naglunsad ng protesta ang mga Pilipino sa sampung estado sa United States, habang nagrali rin ang mga Pilipino sa limang prubinsya ng Canada at sa tatlong estado sa Australia. Nagkaroon din ng protesta sa Hongkong. Inilunsad nila ang mga protesta noong Hulyo 24 at 25.

## **CPP calls Marcos 1st SONA a ‘fairy tale’**

Hulyo 27, 2022

The Communist Party of the Philippines (CPP) blasted yesterday the first State of the Nation Address (SONA) of Ferdinand Marcos Jr held last July 25. The CPP called the speech a “fairy tale” completely disconnected from the reality of the toiling masses’ pressing socioeconomic problems.

CPP Chief Information Officer Marco Valbuena noted that the Filipino people’s urgent concerns revolve around spiralling prices, low wages and massive unemployment and widespread landlessness and land grabbing, but was not addressed by Marcos in his speech.

“Marcos is wrong to think that his technical jargon and grandiose promises will succeed in mesmerizing the people,” Valbuena said in a “point by point criticism” containing 42 items.

Valbuena added that the speech was all but big words and mere promises of prosperity in some unknown future. “Akala niya ata mamamangha ang taumbayan sa mga salitang teknikal at engrande–pero hungkag–na mga pangako. Nakalutang siya sa alapaap,” Valbuena said.

“Marcos declares the Philippines will be an upper-middle-class income country by 2024 and will reduce poverty to 9%. This is pure fantasy when majority of Filipinos now could rarely afford three square meals a day,” Valbuena added.

Valbuena also noted that Marcos’ non-mention of human rights is telling of how his regime would treat the people’s basic freedoms. “Marcos did not touch on rampant rights violations by state forces, a virtual signal for the NTF-Elcac and the AFP/PNP to continue with the brutal drug war and costly counterinsurgency drive,” Valbuena noted.

Moreover, Valbuena pointed out that the many times Marcos praised Duterte meant a definite assurance that he won’t allow the International Criminal Court to prosecute him for crimes against humanity.

Valbuena also chided Marcos’ plans to revive the mandatory military training which he said will give the AFP wider platform for red-tagging and fascist indoctrination. “What”love of country” will human rights abusers and pro-US zealots teach the youth?” he said. (CPP Information Bureau)

## **CPP calls NPA units in Luzon to assess post-earthquake situation in communities**

Hulyo 27, 2022

The Communist Party of the Philippines (CPP) today immediately directed units of the New People’s Army (NPA) to assess the situation of communities in its areas of operations after Luzon island was hit by a major earthquake this morning.

“Nakikiramay at nakikiisa kami sa mamamayang labis na naapektuhan ng malakas na lindol kanina sa iba’t ibang bahagi ng Luzon, laluna sa hilagang bahagi,” CPP Chief Information Officer Marco Valbuena said over social media.

He said an immediate assessment of the situation must be made in order to determine the necessary response.

Valbuena then said that NPA units in the affected areas should take necessary measures to help the masses in rehabilitation. “Units of the NPA, local Party branches and mass organizations should be mobilized and coordinated to facilitate relief efforts,” he added.

He also urged urban-based Party branches and committees to coordinate efforts to assist rural and peasant communities in recovery efforts

“Maaaring kaagad na magpakilos ng iba’t ibang anyo ng tulong para maiabot sa mga nangangailangan,” he said. (CPP Information Bureau)

## **Mag-ina at isa pang sibilyan, minasaker ng 62nd IB sa Negros Oriental**

Hulyo 27, 2022

Walang-awa at walang kalaban-labang pinaslang ng mga elemento ng 62nd IB ang tatlong sibilyan sa Sityo Banderahan, Barangay Trinidad, Guihulngan City, Negros Oriental ala-5 ng umaga kahapon, Hulyo 26.

Pinatay ng mga sundalo si Christina Jacolbe, kasama ang kanyang anak na si Everly Kee Jacolbe, 16 taong gulang. Pinatay din ng mga sundalo ang kasama nilang si Rodan Montero.

Ang nakatatandang Jacolbe ay isang dating daycare worker sa Sityo Natuling, Barangay Budlasan, Canlaon City ngunit napilitang umalis sa kanyang trabaho dahil tinutugis at pinag-iinitan ng militar at pulis. Pinaratangan siyang kasapi o tagasuporta ng armadong rebolusyonaryong kilusan.

Taliwas sa pinakakalat ng 62nd IB, inilinaw ng yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na hindi mga Pulang mandirigma ang pinaslang at walang naganap na engkwentro sa naturang lugar.

Ayon kay Ka JB Regalado, tagapagsalita ng BHB-Central Negros, tinaniman lamang ng baril ang mga biktima para palabasin na nanlaban sila. “Ninakaw din ng mga tropa ng militar ang mga personal na gamit at pera ng mga biktima,” dagdag pa niya.

Sa ulat ng mga sundalo ng 62nd IB, pinalalabas nitong napaslang sa Barangay Budlasan ang tatlo at umano’y kasama ng “sampung armadong elemento” na nakipagpalitan ng putok sa mga sundalo.

Tulad ng nakagawian ng 62nd IB, pinalabas pa nitong nakasamsam ng isang KG9, dalawang kalibre .45 pistola, isang kalibre .38 revolver, shotgun at iba pang mga kagamitan.

Sinagot ito ni Ka JB Regalado at sinabing, “Walang katotohanan ang sinasabing may naganap ng engkwentro sa pagitan ng tropa ng 62nd IB at NPA.”

Pinuri pa ni Brig. Gen. Inocencio Pasaporte, kumander ng 303rd IBde, ang masaker bilang “tagumpay” ng 62nd IB at kumander nitong si Lt. Col. William Pesase.

Samantala, iniulat din ng BHB na nagpapatuloy pa rin ang mga operasyong kombat ng militar sa kabundukang sakop

ng Guihulngan City, Canlaon City, Vallehermoso at bayan ng Magallon sa kasalukuyan.

## **Bilyun-bilyong halaga ng bakunang kontra-Covid, nasayang**

Hulyo 28, 2022

Sa pangatlong taon ng pandemya, nasa 71.5 milyong Pilipino (o 65%) pa lamang ang naturukan ng dalawang dosis ng bakuna. Hindi nito abot ang mababa na ngang target na 78.1 milyon o 70% ng populasyon. (Sa maraming bansa, itinaas na ang target tungong 90% ng populasyon, kabilang ang mga bata.) Mas mababa pa ang nabigyan ng booster shot o pangatlong dosis. Sa 65.34 milyong indibidwal na dapat naturukan na nito, 15.9 milyon pa lamang (o 24.3%) ang nakakuha.

Sa harap nito, pinabayaang mag-ekspayr o mawalan ng bisa kahapon, Hulyo 27, ang 4.25 milyong dosis ng bakuna. Nagkakahalaga ang mga dosis na ito ng ₱5.1 bilyon. May karagdagang 1.6 milyong dosis na nagkakahalaga ng di bababa sa ₱800 milyon ang mag-eekspayr sa Agosto.

Noon pang Abril iginigiit sa noo'y rehimeng Duterte na bilisan at palawakin ang saklaw ng pagbabakuna. Sa ulat ng Department of Health mismo sa buwang iyun, umaabot sa 22 milyong dosis ang mag-eekspayr pagsapit ng Hulyo. Walang ginawang pagmamadali ang rehimen, at sa halip ay itinigil pa ang mga koordinadong mga kampanya sa pagbabakuna sa pambansang saklaw. Hindi na rin todo-todong ikinampanya ang pagbibigay ng “booster shot” o ang pangatlong dosis sa mga naturukan na.

Malaking bahagi ng hindi naturukan at di kumpleto ang dosis ay nasa kanayunan, subalit walang plano o pondo para

dalhin ang mga bakuna sa malalayong komunidad ng mga magsasaka at minorya.

Wala rin sa prayoridad ng bagong upong si Ferdinand Marcos Jr ang pagbabakuna at ang pagharap sa pandemya sa pangkalahatan. Katunayan, hanggang ngayon ay hindi pa siya nagtatalaga ng kalihim sa Department of Health.

Kahapon lamang, Hulyo 27, naglabas ang DoH ng mga tuntunin para sa pagpapabwelo ng pagbibigay ng pangalawang booster shot para saklawin ang mga nasa edad-50 pataas at mga may kundisyong medikal na edad-18 hanggang 49 taong gulang.

## **Mga pulis sa Tarlac, kinasuhan ng Tinang 83**

Hulyo 29, 2022

Sinampahan ng mga magsasaka at kanilang mga tagasuporta na tinawag na Tinang 83 ang mga pulis na sangkot sa brutal at di makataong pag-aresto sa kanila noong Hunyo 9.

Nagtungo sa upisina ng Ombudsman ang Tinang 83 noong Hulyo 26 para isampa ang limang kaso laban sa di bababa na 30 myembro ng Philippine National Police-Concepcion, pangunahin na ang hepe nitong si Lt. Col. Reynold Macabias.

Kasama sa ikinaso sa mga pulis ang Violation of Rights of Persons Arrested, Detained, and Under Custodial Investigation; Perjury; Unlawful Arrest; Arbitrary Detention; Physical and Mental/Psychological Torture and Other Cruel, Inhumane, Degrading Treatment or Punishment; Grave and Serious Misconduct and Conduct Prejudicial to the Best Interest of the Service; and Grave Abuse of Authority and Oppression.



Hiling ng Tinang 83 na sipain sa pwesto ang pinangalanan nilang mga pulis. Habang dinidinig ang kaso, dapat isuspidne muna sila sa trabaho, anila.

Bago nito, sinampahan din ng ilan sa Tinang 83 ang assistant prosecutor ng Tarlac na si Mila Mae Montefalco ng kasong grave misconduct at dalawang iba pang asunto. Anila, dapat malinaw kay Montefalco na saklaw ng Department of Agrarian Reform ang sigalot sa bungkalan at dapat hindi niya sinampahan ng kaso ang Tinang 83.

Ang aksyon ni Montefalco ay nagresulta sa 3-araw na pagkulong sa mga magsasaka at kanilang mga tagasuporta at pangangailangan nilang magpyansa. Kalaunan, ibinasura rin ng Capas Municipal Trial Court ang gawa-gawang mga kaso sa dahilang hindi saklaw ng mga korte ang mga agraryong sigalot.

## **Tatlong bata, pinaslang ng AFP nitong Hulyo**

Hulyo 29, 2022

Hindi bababa sa tatlong bata ang pinaslang ng mga sundalo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa kampanyang kontra-insurhensya nito ngayong buwan ng Hulyo.

Noong Hulyo 18, napaslang sa walang-habas na pamamaril ng 59th IB si Kyllene Casao, 9-anyos na batang babae, sa Sityo Centro, Barangay Guinhawa, Taysan. Kasama ng batang babae ang kanyang ama na papauwi galing sa pagpapastol ng kanilang kambing nang biglang nagpapatok ang mga sundalo.

Ayon sa ulat ng mga residente, nagpapatok ang mga sundalo sa iba't ibang direksyon matapos makarinig ng mga putok na nagmula pa sa kabilang sityo. Dagdag nila, nakatitiyak silang bala ng mga sundalo ang nakapaslang sa batang babae.

Noong Martes, Hulyo 26, walang-awa at walang kalaban-labang pinaslang ng mga elemento ng 62nd IB ang isang dalagita sa Sityo Banderahan, Barangay Trinidad, Guihulngan City, Negros Oriental ala-5 ng umaga. Pinatay ng mga sundalo si Everly Kee Jacolbe, 16, kasama ang kanyang ina at isa pang sibilyan.

Malaon nang nirered-tag at tinutugis ng mga sundalo ng 62nd IB ang ina ni Everly. Pinalalabas ng mga sundalo na mga kasapi sila ng Bagong Hukbong Bayan at napaslang sa isang engkwentro.

Bago ng mga insidenteng ito, pinatay ng 4th IB at 2nd Provincial Mobile Force Company ng Philippine National Police ang isang batang Mangyan-Buhid sa Sityo Tauga Daka, Barangay San Vicente, Roxas, Oriental Mindoro noong Hulyo 3.

Napatay ang bata matapos paulanan ng bala ng mga sundalo at pulis ang bahay ni G. Inyab, isang katutubong Mangyan-Buhid sa naturang sityo. Para pagtakpan ang krimen, pinalalabas ng mga sundalo na ang bata ay napaslang sa isang armadong engkwentro.

Ang tatlong kaso ng pagpatay sa mga bata ay tanda ng tumitinding brutalidad ng gerang mapanupil ng AFP. Maaalalang noong Pebrero 8, dalawang batang (edad 12) ang napatay ng mga tropa ng 20th IB sa Catubig, Northern Samar.

Kaugnay nito, nanawagan ng hustisya si Ka Coni Ledesma, pinuno ng Special Office for the Protection of Children ng NDFP, para sa batang biktima at kanyang pamilya, gayundin ang mahigpit na pagsunod ng mga pasistang sundalo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at pulis sa internasyunal na makataong batas.

## 94 pamilya sa Masbate, pinalayas ng 2nd IB sa kanilang lupa

Hulyo 30, 2022

Tuluy-tuloy ang pagpapalayas ng 2nd IB sa mga magsasaka sa lupang dating pag-aari ng gobernador ng Masbate na si Antonio Kho. Noong Hulyo 26, iniulat ng Defend Bicol Stop the Attacks Network na higit 94 pamilya na ang pwersahang pinalayas ng mga sundalo sa lupang deka-dekada na nilang binubungkal.

Ang mga sakahan ng mga magsasaka ay bahagi ng 1,807-ektaryang “pastuhan” na ipinaubaya na ng pamilyang Kho sa kanila. Matatagpuan sa 450-ektaryang lupang ito ang mga barangay ng Cabungahan, Calapayan at Villaluna sa Cawayan. Ang mga lupang ito ay pang-agrikultura, at ipinadeklara lamang na pastuhan para makaiwas sa repormang agraryo.

Sa aktwal, ilang henerasyon na ng mga magsasakang Masbatenyo ang nagbungkal sa mga lupang ito. “Sila ang tunay na nagmamay-ari sa lupa,” ayon sa Defend Bicol. Gayunpaman, hanggang ngayon ay walang pormal na pagkilala sa karapatan nila sa lupa.

Kasama ng 20 sundalo ng 2nd IB na nagpalayas sa mga magsasaka noong Hulyo 25 ang kapitan ng barangay ng Dalipe na si Aldrin Boyet Besana, isang nagnangalang Teteng Tapayan at pitong “rebel returnee.”

Sa ngayon, pansamantalang nakikitira sa mga kamag-anak ang pinalayas na mga magsasaka, ayon sa grupo.

## **Food Panda Philippines, pinagbabayad ng ₱2-milyon sa sinisanteng mga rider**

Hulyo 31, 2022

Sa desisyon na inilabas ng National Labor Relations Commission sa Davao, pinagbabayad ng mahigit ₱2 milyon ang Foodpanda Philippine Incorporated bilang kumpensasyon sa iligal nitong pagtanggap sa pitong delivery rider sa Davao City.

Ang Foodpanda ay kumpanyang nagdedeliber ng pagkain. Ang pitong rider na tinanggal nito ay sina Edmund Carrillo, Francis Gh Glenn Costan, Nerjhun Claramon, Manuel Lapiña, Jeffrey Cabusas at Nawar Solaiman.

Ayon sa decision ng labor arbiter na si Rovyne Juma-as ng RAB-XI, dapat bayaran ng kumpanya ang mga manggagawa ng kanilang buong sahod, kabilang na ang 13th month pay, separation pay at service incentive leave. Tatanggap ang bawat manggagawa ng ₱234,000 hanggang ₱368,000.

Nagprotesta noong Hulyo 2021 ang mga manggagawa kontra sa walang malinaw na kwenta ng kanilang kita sa bawat delibero, kawalan ng benepisyo at proteksyon. Kinwestyon din nila ang 10-taong suspensyon ng mga drayber dahil sa paglahok sa protesta nang hindi sumipot ang maneydsment sa kanilang dayalog.

Tinatayang 300 delivery riders ang lumahok sa protesta.

## **Manggagawa sa poso negro, namatay sa pagkalunod**

Hulyo 31, 2022

Isang manggagawa ng EC Soliman Septic Tank Disposal sa Pasay City ang nasawi matapos mahilo ang mga

manggagawa sa sumabog na bumubulang likido sa isang septic tank o poso negro. Bigong makalabas dito ang biktimang si Jesus Sison. Apat pang trabahador ang nailigtas mula sa septic tank.

Nanawagan ang Kilusang Mayo Uno at Institute for Occupational Health and Safety Development (Iohsad) sa Department of Labor and Employment na kagyat na imbestigahan ang kasong ito at bigyang hustisya ang pagkamatay ni Sison.

Ika-13 si Sison sa nasawi dahil sa kawalan ng kaligtasan sa paggawa. Sa mga kasong ito, wala pang napapanagot na employer sa mga kapabayaang nagresulta sa pagkamatay ng mga manggagawa, ayon sa grupong Iohsad.